



# Tagalog Online Pocketbook

The leading source of online pinoy stories



## *It's Your Love*

"Kinaya ko ang sampung taong nawala ka sa akin...pero mas mahirap pala ang ilang sandaling kasama kita."

*Anjustin*

# It`s Your Love

By  
*Anjustin*

Like my page @ <https://www.facebook.com/pages/Anjustin/160344317388250>

*“Kinaya ko ang sampung taon na nawala ka sa akin.  
Pero mas mahirap pala ang ilang sandaling kasama kita.”*

Unang Pag-Imprenta, 2013

Karapatang Pag-aari © 2008-2013, Tagalog Online Pocketbook

Lahat ng karapatan ay reserbado. Walang bahagi ng publikasyong ito ang maaaring kopyahin, sa anumang anyo o paraan ng walang pahintulot sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa amin.

Ang ebook na ito ay obra ng mga manunulat na nagsulat nito. Ang Tagalog Online Pocketbook ay hindi ginarantiya ang kawastuhan ng mga bawat nakasulat dito at hindi tumatanggap ng anumang panagutan para sa anumang resulta ng paggamit nito.

Kung may pagkakahalintulad man sa pangalan, lugar, bagay, pangyayari o anuman sa tunay na buhay ay pahindi ito sinasadya dahil ang mga ito ay pawang kathang isip lamang.

Para sa karagdagang impormasyon, alamin ang mga sumusunod na detalye sa ibaba.

- Website <http://www.tagalogonlinepocketbook.com>
- Email [support@tagalogonlinepocketbook.com](mailto:support@tagalogonlinepocketbook.com)
- Facebook <http://facebook.com/tagalogonlinepocketbook>
- Join Us <http://facebook.com/groups/tagalogonlinepocketbook>
- Like Us <http://facebook.com/topreader>
- Follow Us <http://twitter.com/topocketbook>

## TEASER

Sina Gil at Angel, kapwa nangako ng walang hanggang pag-ibig sa isa't isa. Subalit sila'y paghihiwalayin ng isang trahedya. Sumabog ang eroplanong sinasakyan ni Angel papuntang Pilipinas. Walang alam si Gil sa nangyari sa dalaga kaya inakala niyang kinalimutan na siya nito dahil hindi na ito nagparamdam sa kanya. He was left alone and broken-hearted.

But life must go on. Namayagpag ang kanyang singing career at kahit papaano'y nakatulong ito sa kanyang pag-move on. Ngunit lingid sa kanyang kaalaman, nasa Pilipinas lang si Angel, ten years nang comatose at nasa pangangalaga ng binatang doktor na si Justin.

Sa paggising ni Angel, magkikita ba ulit sila ni Gil? Madudugtungan pa kaya ang naudlot nilang pagmamahalan o magiging huli na ang lahat para sa kanilang dalawa?

## CHAPTER ONE

“ANGEL, bilisan mo na diyan. Magbihis ka na pagkatapos mong maligo,” narinig niyang sigaw ng kanyang mommy mula sa labas ng kanyang banyo. Pinatay niya ang shower.

“Saan po tayo pupunta, mommy?” tanong niya rito.

“Kina Tito Abi mo. Nakalimutan mo yatang iyon ang pinunta natin dito?”

“Ah, okay po,” sagot niya.

“Sige. Dalian mo na diyan.” Narinig niyang papalayo na ang mga yabag nito.

*Oo nga pala.* Natawa siya sa kanyang sarili. Masyado siyang naaliw sa panonood ng lights kagabi mula sa bintana ng hotel na tinulugan nila kaya nakalimutan na niyang iyon pala ang ipinunta nila rito. Semestral break nila kaya nagpasya ang mommy niya na magbakasyon sila sa Germany ayon na rin sa kagustuhan ng daddy niya—para dalawin nila ang bestfriend nito—at pati na rin ang mga kamag-anak niya sa side nito.

Pinaandar niya ulit ang shower at pinagpatuloy ang paliligo. Ilang minuto pa’y tapos na siya. Agad siyang nag-ayos ng sarili at bumaba.

“Let`s go?” tanong ng inang naghihintay sa kanya sa baba. Tumango lang siya.

Habang bumabyahe sila, inaliw niya ang sarili sa panonood ng magagandang views sa bahaging iyon ng Munich. Hindi niya iyon napanood kahapon kasi gabi nang nakalapag ang eroplanong sinakyan nila sa airport kaya nagpasya ang mommy niya na magpalipas muna sila ng gabi sa hotel na malapit doon.

“Andito na tayo,” tapik sa kanya ng mommy niya. Napalingson siya rito. Noon lang niya napansing huminto na pala ang bus na sinasakyan nila. Magkasunod silang bumaba. Pagkuwa’y pumara ng taxi ang mommy niya. “Tayo na.”

Makalipas ang ilang minuto ay narating na nila ang bahay ng kanyang Tito Abi, ang matalik na kaibigan ng daddy niya at anak ng amo ng mommy niya when she was working as a domestic helper in Germany. Nasa Amerika ang daddy niya ngayon dahil doon ito nagtatrabaho bilang engineer at sa Pilipinas naman sila naninirahan ng mommy niya. Kaya for almost fifteen years, ngayon lang siya ulit nakatuntong ng Munich—the place where she was born.

“Martha!” masayang salubong ng isang may edad nang babae...or lalaking mahaba ang buhok?

“Abi, hi!” masayang bati ng mommy niya sabay yakap dito.

“Eh?” gulat na wika niya sa sarili. Ito pala ang kanyang Tito Abi. Sabi na nga ba. Hindi ito babae.

“Is this Angel already?” tanong nito sa mommy niya habang nakatingin sa kanya. She was surprised na nagsalita ito ng English at hanga siya sa accent nito. Hindi halatang German.

“Yeah,” sagot ng ina. Bumaling ito sa kanya. “Angel, say ‘Hi’ to your Uncle Abi,” marahang utos nito sa kanya.

“Hi, Uncle Abi! How are you?” bati niya sa bestfriend ng daddy niya.

“Hello, Angel! I`m fine. And you?” malambing na sagot nito.

“I`m fine, too,” maagap na sagot niya.

Natawa naman nang mahina ang ginoo. “Let`s get inside first.” Iginiya sila nito sa loob.

“Do you have children?” inosenting tanong niya.

“I have two sons,” sagot naman nito. Pinaupo muna sila nito sa sala bago ito tumungo sa kusina. Pagbalik nito`y may dala na itong meryenda at juice. Were those cookies? Hindi siya sigurado pero mukhang cookies nga ang mga iyon. Anyways, hindi naman siya gutom at hindi na niya iyon pinagtuunan ng pansin.

“Where are they?” tanong ulit niya.

“Oh, they`re just out there playing,” anito nang umupo sa tapat nila.

“Mommy, pwede po ba akong lumabas?” paalam niya sa ina.

“Huwag ka lang masyadong lalayo,” bilin nito.

“Opo,” nakangiting tango niya. Pagkuwa`y bumaling kay Abi. “I`ll go find them. Excuse me.”

“Sure,” sagot nito. Tumayo na siya at tumungo sa pintuan. “Don`t forget to introduce yourself. They don`t talk to strangers,” pahabol pa ng Uncle Abi niya.

“I will,” at iniwan na ang mga ito. Tiningnan niya ang buong paligid. Puro malalaking kahoy at damuhan ang kanyang nakikita. Maya-maya`y may naulinigan siyang mga tinig at parang tunog ng gitara. Pinakinggan niyang mabuti kung saan iyon nagmumula. Lumigid siya sa kanan papunta sa likuran ng bahay. Habang naglalakad siya, lalong nagiging malakas at papalapit sa kanya ang mga tinig na parang nagkakantahan kasi parang may narinig siyang tunog ng gitara.

*"Ich würde dir alles geben, alles*

*Wenn Sie wären mein*

*I `d geben die Sterne über*

*Und, oh meine Liebe ... "*

Maya-maya`y nahinto ang kanta at parang nag-uusap na ang mga ito.

"Warten Sie, die Melodie ist schrecklich."

"Oh, yeah? Oder ist es deine Stimme? Hahaha. Holen Sie ihn. Ich bin schon hungrig."

“Hey, Junie. Komm zurück ihr jetzt.”

Parang mga boses ng duwende ang kanyang naririnig. Bigla siyang nahintakutan. Kahit sa Germany, uso rin ang mga dewende?

“Wer bist du?”

“Ay, dewende!” gulat na sambit niya nang may biglang nagsalita sa likuran niya. Nang lingunin niya ito, dalawang mukha ang lumantad sa kanya. Mukhang hindi naman mga dewende. Mukhang mga tao—mga bata—na halos kasing edad lang niya. Mga babae? O baka katulad na naman ng Uncle Abi niya na mahahaba lang ang buhok pero mga lalaki? Sinipat niya ang kasuotan ng mga ito. Naka-jeans at shirt. Mukhang mga lalaki but she`s not really sure.

“Bist du verloren?” tanong ng isa sa kanila. He, or she, was shorter than the other one and was holding his, or her, dog`s lease.

“Ha?” tanong niya. Teka, mga alien yata itong kausap niya. *Ang gaganda naman nila para maging alien.* Pero hindi talaga niya maintindihan ang lengwahe nila.

“Who are you? Are you lost?” tanong ng mas matangkad na nilalang na mas mahaba rin ang buhok kaysa sa kasama nito.

*Wow! Engliserong alien!*

“Ich glaube, sie ist taub. Lass uns gehen,” wika ng naunang nilalang bago hinila ang aso nito para iwan siya. Sumunod naman ang kasama nito.

“Wait!” tawag niya sa mga ito. Napahinto ang mga ito at napalingon sa kanya. “I`m Angel.”

Nagkatinginan ang mga ito bago lumapit sa kanya.

“I`m Gil,” pakilala ng matangkad na nilalang na hindi pa niya kumpirmado kung lalaki o babae at may bitbit pang gitara.

*Gil? Tulad ng sa isda. Fish gil.* Gusto niyang matawa sa kalikutan ng isip niya.



“Ich bin Tal,” pakilala naman ng isa. Tama ba ang pagkakadinig niya? Tal yata ang pangalan nito.

*Angel, nasa Germany tayo!* Parang may narinig siyang sumigaw sa kukute niya. Noon lang niya natapik ang kanyang noo. Tanga! Kaya hindi niya maintindihan ang mga ito, eh, German language ang gamit at accent.

“Are you lost?” tanong ni Gil sa kanya.

Napatitig siya rito. Parang hindi ito German kung mag-Ingles. Ang husay!

“No, I`m not. I was just roaming around, looking for Uncle Abi`s sons,” sagot niya.

“You mean our father, Abi? Are you a visitor here?” tanong nito.

“Kayo ang mga anak ni Tito Abi?” hindi makapaniwalang tanong niya.

“What?” magkasabay na tanong ng dalawa na halatang hindi naintindihan ang sinabi niya.

“I mean, you are Abi`s sons? You`re a guy? Both of you?”

“Yeah?” halos magkasabay na sagot ng dalawa na tila nawewerduhan sa kanya.

Napapitik siya. Sabi na nga ba`t mga lalaki ang dalawang nilalang na ito. *Ang ku-cute naman nila! Parang mga babae.* “I`m your father`s bestfriend`s daughter,” masiglang pakilala niya.

“Ah, so you`re Angel! Our dad talk a lot about you,” masayang bulalas ni Tal. Lumapit ito at nakipagkamay sa kanya, “Nice meeting you.” Kulang na lang ay batukan niya ito. Marunong din naman pala itong mag-Ingles, pinahirapan pa siya. Muntik nang dumugo ang ilong niya kanina.

Pero hindi niya iyon ginawa. Tinanggap niya ang kamay nito. “You, too. Both of you,” nakangiting sagot niya.

Hindi nakipagkamay sa kanya si Gil. “I guess, we need to go inside already. Father will be looking for us now,” putol nito sa kanila. May nahimigan siyang kasupladuhan sa tinig nito.

*Hmp!*

“**THEY** will be staying with us starting today,” pahayag ng ama. Nabigla man, hindi na nagawang magreklamo ni Gil. Hindi naman ibang tao ang patitirahin nila. Asawa at anak lang naman ng bestfriend nito. Kaya lang, talagang hindi siya komportable kay Angel. Ewan niya pero kakaiba ang epekto ng batang babae sa kanya. “Gil, is there any problem?” untag nito sa kanya.

“How long will they be staying with us?” wala sa loob na tanong niya. Napansin naman niyang tumaas ang kanang kilay ni Angel.

“As long as they want. Right, Angel?” nakangiting sagot ng ama sabay kindat kay Angel. Ewan niya pero nainis siya sa ginawang iyon ng daddy niya. Mukhang may balak yata itong inisin siya. O baka naman siya lang ang nag-iisip nang ganoon? Bakit naman siya maiinis?

“Okay,” tanging nasagot niya.

“Martha will be using our guest room and Angel will be using yours.”

“What?” Laglag ang panga niya sa narinig. Ano raw? Palalayasin siya sa sarili niyang kwarto para doon tumira ang babaeng ito?

“You and Tal can sleep in his bed together. Right, Tal?” sagot nito.

Nagkatinginan silang magkakapatid. Mukhang wala na silang magagawa. Nakapagdesisyon na ang kanilang ama. Napatango na lamang si Tal.

“Great! Now, help her fetch her things to your room. I`ll help Martha as well,” utos nito sa kanila.

Lalo siyang nainis sa nangyayari kaya tinamad siyang tumulong sa babaeng ito na magayos ng mga gamit nito. Pati mga damit niya ay mukhang mapapalayas din sa dating closet para may paglagyan ito ng mga damit nito. Siya na lang ang kusang nagkuha sa mga gamit niya.

“There`s no need for that. My things can stay in my bag. I can just pull something out from here,” wika nito na parang nahihiya sa kanya.

“No, it`s okay,” hindi bukal sa loob na sagot niya. Kahit naman sumang-ayon siya sa gusto nito, siguradong hindi papayag ang ama niya.

“Angel, come on! Leave it there. I`ll show you something,” biglang palatak ni Tal na para bang may naalala. Pareho naman silang natigilan. Maya-maya`y hinawakan nito ang wrist ni Angel at hinatak palabas.

“Tal, wo willst du nehmen? (*Tal, where will you take her?*)” nagtatakang tanong niya sa kapatid.

“Ich zeige ihr den See. (*I`ll show her the lake.*)” sabik na sagot nito.

“Wait, Tal. I am not finished here yet,” reklamo ni Angel habang papalabas na ang dalawa sa pinto.

“Don`t worry. We`ll fix that later,” narinig niyang wika ni Tal.

Hindi na siya sumunod sa dalawa. Nilinis na lamang niya ang kanyang kwarto at inayos ang kanyang mga gamit upang hindi pakialaman ng Angel na iyon.

Pagkatapos niyang linisin ang kanyang closet, ang mga gitara naman niya ang kanyang itinabi. Baka galawin nito at masira pa. Mahal na mahal pa naman niya ang mga iyon.

Eksaktong tapos na siya sa kanyang ginagawa nang dumating ang ina ni Angel. “Gil, do you know where Tal and Angel are going?” tanong nito sa kanya.

“Tal said he`ll show her the lake. Don`t worry, Auntie, they`ll be back soon,” sagot niya.

“Okay,” sagot nito kasabay ang isang malalim na paghinga. “Come down now. Lunch is almost ready.”

“Sure,” aniya at sumunod na sa baba.

Hindi pa man siya nakapasok sa kusina, narinig na niya ang malakas na tinig ni Tal.

“I told you, you`ll love it when you see it!”

Napalingon siya. Kakarating lang ng dalawa.

“You`re right. It`s beautiful,” sagot naman ni Angel dito na halatang nag-enjoy sa kung saan man ito ipinasyal ng kapatid niya.

“Your mother is looking for you,” malamig na wika niya sa dalagita.

Tinitigan siya nito nang masama bago inirapan. “Hmp!”

Napanganga siya. “Hast du gesehen ihr Reaktion? (*Did you see her reaction?*)” hindi makapaniwalang tanong niya kay Tal.

“Ich sah, auch von Ihrer (*I saw yours, too*),” natatawang sagot nito bago siya iniwan.

Napailing siya. Mukhang pinagkakaisahan yata siya ng mga tao rito. *Ano bang meron sa Angel na iyon at mukhang gustong-gusto siya ng lahat?*

“**ALAM** mo, may pagkasuplado pala ang kuya mo, ano?” reklamo ni Angel kay Tal nang isama na naman siya nito sa labas ng bahay. Magkatibi silang naupo sa ilalim ng malaking puno sa gitna ng kanilang malawak na lawn habang hinihimas-himas nito ang alagang aso.

“What?” tanong ni Tal sa kanya. Natapik na naman niya ang noo. Hindi nga pala ito nakakaintindi ng Tagalog. *Shakoy!* Tamad pa naman siyang mag-Ingles.

“I said your brother is snobbish. I think he doesn`t like me,” aniya.

Natawa naman sa kanya si Tal.

“What`s funny about that?” kunot-noong tanong niya.

“It`s because you think the opposite.”

“Huh?” lalong lumalim ang pagkunot ng kanyang noo.

“My brother likes you. He just doesn`t want to acknowledge it.”

“Ano? Alam mo, tigil-tigilan mo ako diyan sa panunukso mo, ha?” saway niya rito.

“You`re speaking that language again,” reklamo naman nito.

“Sorry,” paumanhin niya. Naku! Mukhang ngayon niya kakailanganin ang dictionary niya. “But, that`s impossible.”

“I know my brother. We grow up together, you know. Don`t worry, you`ll like him, too.”

Napangiwi siya. *Iba rin ang tama ng batang ito, ah. Ang Gilly Fish na iyon?* Teka, saan ba niya napulot ang Gilly Fish? Ah, bigla na lang sumulpot sa utak niya. Pagkuwa`y napapitik siya.

“What?” gulat na tanong ni Tal.

“Nothing,” aniya na lihim na napangiti. Biglang may kapilyahang pumasok sa isip niya. *Mula ngayon, Gilly Fish na ang itatawag ko sa iyo.*

Maya-maya lang ay dumating si Gil bitbit ang gitara nito.

“Tal, bin ich erfüllt Lauro. Wollen Sie mit mir kommen?” wika nito kay Tal.

“We`re going to our friend`s house. Do you want to come with us?” sabik na tanong ni Tal sa kanya. Nahuli niya ang bahagyang pagkunot ng noo ni Gil.

“I really want to but I don`t think someone wants me to,” malungkot na sagot niya na nagpaparinig kay Gil.

“You can come if you want,” agad na wika ng huli bago tumalikod.

Sabik namang nagsitayuan sila ni Tal at ibinalik ang aso sa loob ng bahay nila.

“I’ll get my guitar first,” paalam nito sa kanya at mabilis na umakyat sa kwarto nito.

Pagbalik nito’y may bitbit na itong electric base guitar.

“Wow! You also know how to play guitar?” namamanghang wika niya.

“Father, taught us,” simpleng sagot nito.

“You, two, hurry up!” naiinip na tawag ni Gil sa kanilang dalawa.

Napangiwi na naman siya. *Suplado!*

## CHAPTER TWO

**MAAGA** pa lang, telebabad na si Angel sa kanyang cellphone para balitaan ang kanyang bestfriend na si Leah sa mga nangyari sa kanya kahapon.

“Hay naku, best! Sinabi mo pa. Nosebleed nga ako lagi kapag nagsasalita sila ng German. Naman! Kaya lang parang mga babae. Mahahaba ang buhok at sobrang kinis ng mga kutis. Mas maganda pa nga sa akin, eh. Lalo na si Gilly Fish. Cute sana kaso suplado...”

“You`re mother is calling for you.”

Napahinto siya sa pagsasalita nang biglang pumasok si Gil nang hindi man lang kumakatok sa pintuan.

“Bakit bigla kang pumasok dito?”

“I have to take a bath,” sagot nito.

*Eh? Nakakaintindi rin ba ito ng Tagalog?*

“You understand what I said?” naninigurong tanong niya.

“Nope. But based on your reaction, I think I know what it was.”

“Best, tatawagan na lang kita mamaya, ha?” paalam muna niya sa kausap sa kabilang linya bago muling hinarap si Gil na noo`y naghahalungkat ng mga damit nito sa kabilang closet.

“Can I talk to you?” inis na tanong niya rito.

Tumigil ito sa ginagawa at humarap sa kanya. “What is it?”

“Can you knock on the door when you come in?”

“Why, this is my room. Besides, you`re already awake,” supladong sagot nito at muling tumalikod sa kanya. Hinugot nito ang napiling mga damit mula sa closet.

“Please?” hiling niya. Gusto niya itong awayin pero wala siya sa mood makipagtarayan dito dahil hindi naman siya likas na mataray kaya dadaanin na lang niya ito sa paamuhan.

Tumitig ito sa kanya. Bigla na lang siyang kinabahan nang magsalubong ang paningin nilang dalawa. “Okay,” nakangiting sagot nito. “You, too.”

*Hay...Ang cute naman pala talaga ng mokong na ito kapag nakangiti.* “Okay,” aniya na napangiti na rin.

“Go down now. Your mother is looking for you,” marahang utos nito sa kanya sabay... Teka, kindat ba iyon? Did he just wink at her?

Ilang beses niyang sinampal nang mahina ang kanang pisngi. “Angel, wake up. Nananaginip ka pa yata, eh,” wika niya sa kanyang sarili. Buti na lang at nasa banyo na si Gil at hindi na nito nakita ang ginagawa niya sa kanyang sarili. Pagkatapos kumbinsihin ang sarili na hindi totoong kinindatan siya nito, bumaba na siya para magpakita sa ina.

“Mom, hinahanap n`yo raw po ako sabi ni Gil?” tanong niya rito nang matagpuan ito sa kusina.

“Ah, oo. Tumawag kasi ang daddy mo. Kinukumusta ka niya. Ipakakausap kita sa kanya kaya kita tinawag. Kaso lang, parang hindi mo yata ako narinig kaya pinakiusapan ko na lang si Gil na pababain ka since paakyat naman siya. Kaso ang tagal mong bumaba. Hayun, pumasok na ang daddy mo sa trabaho,” mahabang sagot nito.

“Ay, nag-usap pa po kasi kami ni Leah sa cellphone kanina kaya hindi ko kayo narinig nang tumawag kayo. Pasensya na po. Tatawagan ko na lang si Daddy mamaya kapag tapos na ang trabaho niya.”

Napansin niyang marami itong hinandang meryenda kaya nagtaka siya. Wala namang ibang tao roon kundi sila lang dalawa. “Para kanino po ang mga iyan?”



“Ah, dumating kasi ang mga kaibigan nina Gil at Tal kanina. Naisipan ko lang ipaghanda ng meryenda ang mga bata.”

“Sina Lauro ba ang tinutukoy n`yo?” tila nasasabik na tanong niya.

“Oo. Kilala mo sila?” gulat na tanong nito.

“Ah, dinala po kasi ako nila ni Tal sa bahay nina Lauro. Andoon din po ang iba pa nilang mga kaibigan at ipinakilala po nila kami sa isa`t isa.”

“Mabuti naman kung ganoon. Natutuwa ako at may mga kaibigan ka na agad,” masayang turan ng ina. “Oh, baka gusto mong ikaw na ang magdala nito para sa mga kaibigan mo?”

“Sige po,” mabilis na sagot niya. Matapos mailagay ng mommy niya ang lahat sa tray, agad niya itong binitbit patungo sa basketball court sa labas ng bahay kung saan nakatambay sina Tal. Mukhang kakatapos lang ng mga ito na maglaro ng basketball. “Hi guys!” bati niya sa mga ito. “Meryenda muna kayo, I mean, eat some snacks first.”

*Epic fail! Masanay ka na kasi sa English.*

“Hi there, Angel!” bati ni Tal sa kanya. “They look delicious,” puri nito na sumalubong at umalalay sa kanya sa paglapag ng tray sa maliit na mesang naroon.

“My mom was the one who prepared it for you,” sagot niya.

“Na dann, let`s zu essen!” sabi ni Killian na agad sinunggaban ang sandwich. “Hmmm. Gosh, das ist so lecker!”

“Ich esse auch,” wika naman ni Lauro na sumunod kay Kilian. Kumuha na rin si Fabian.

Sabay silang natawa ni Tal. Kahit hindi niya naiintindihan ang mga pinagsasabi nila, ang alam lang niya, gutom ang mga ito.

“You eat also,” aniya kay Tal sabay abot ng sandwich dito.

“Thanks.”

Ilang sandali pa'y lumabas na si Gil at lumapit sa kanila. Basa pa ang buhok nito.

"I'll get inside first," paalam niya kina Tal. Ewan niya pero parang nakaramdam siya ng pagkailang kay Gil dahil sa nangyari kanina.

"Hey, do you want to join us?" tanong nito sa kanya.

*Wow! Porke't bagong ligo, bumait na sa kanya si Gilly Fish.*

"You won't mind?" paniniguro niya.

"Of couse, we won't," si Tal ang mabilis na sumagot imbes na si Gil ang tinatanong niya.

Nagkibit-balikat lang huli.

Pagkatapos kumain ng mga ito, nagkantahan naman sila. Panay ang hanga niya sa mga ito dahil puro English ang mga kinanta at ang huhusay pa. Higit sa lahat, na-amazed siya kay Gil sa galing nitong maggitara, not to mention na left-handed ito.

"Why are you so blessed? You're all talented. You know how to sing, play the guitar, the drum, what else?" hindi direktang tanong niya kay Gil habang ibinabalik nito ang gitara sa kilalagyan nito. Kakatapos lang nilang mag-jamming at umuwi na rin sina Lauro, Killian at Fabian. Kasalukuyan siyang nakaupo sa kanyang kama—sa kama ni Gil.

"Is that a compliment?" tanong naman nito na may halong panunukso nang humarap sa kanya.

"Yeah? I think so," nag-aalangang sagot niya.

Naupo ito sa kama paharap sa kanya. Tumitig ito sa kanyang mga mata. Bigla na lamang siyang kinabahan. "You forgot to mention one thing," wika nito, his breath fanning her face.

"W-what is it?" natatarantang tanong niya.

"I'm good-looking," anito at tumawa nang nakakaloko.

“Yeah, right,” aniya na nainis sa inasal nito. Pinisil niya ang pisngi nito. “You`re so pretty, Gilly Fish!” sarkastikong wika niya bago tayo.

“Aw!” reklamo nito at mabilis na nahawakan ang kanyang kamay. Hinila siya nito pabalik ng upo sa kama.

“Ano ba?” asik niya rito. Marahas niyang binawi ang kanyang braso.

“Why did you do that? And what did you just call me?” naniningkit ang mga matang tanong nito.

“Gilly Fish. Don`t you like it?” asar niya rito.

“I`m not a fish!”

“Did I say so?” She gave him a sarcastic smile. Tumayo na siya at lumabas.

“**THAT** girl is really weird,” wala sa loob na wika ni Gil sa sarili.

“She`s nice,” sagot naman ni Tal na hindi niya namalayang pumasok doon.

Napaangat ang tingin niya rito. “What are you doing here?”

“We`re going to watch Father`s show. Are you coming with us?”

“Us who?”

“Us. Aunt Martha, Angel and me. Are you coming with us?”

“Okay,” aniya at mabilis na nagpalit ng damit.

Nagsalubong ang tingin nila ni Angel nang pababa na siya. Nakangiti ito. Pero parang may kakaiba sa ngiting iyon. Hindi na lamang niya iyon pinansin. Magkatabi ito at si Tal at panay ang kwentuhan habang bumabyahe ang bus na sinasakyan nila. Hindi man niya aminin pero parang naiinggit siya sa dalawa. Parang nagseselos? Pero kanino? Kay Angel dahil inaagaw

nito ang kapatid at bestfriend niyang si Tal o kay Tal dahil inaagaw nito si Angel? Teka, mali yata ang huli.

Napabuntong-hininga na lamang siya. Kinuha niya ang kanyang walkman at nakinig na lamang ng musika.

Napapitlag siya nang biglang may tumapik sa kanya. Si Angel! Bigla na lang itong tumabi sa kanya. Inalis niya ang kanyang earphone. “What?”

“What are you listening to?” curious na tanong nito.

“You don` t like it,” sagot niya.

“Let me hear,” pangungulit nito.

Lihim siyang nainis. *Kahit kailan makulit talaga ang babaeng ito.* Ibinigay niya rito ang isang earphone at pinagmasdan lang ito habang pinapakinggan ang mga Nirvana songs sa album nitong Bleach. Pumikit ito. Mukhang nagugustuhan nito ang kanta dahil gumagalaw pa ang ulo nito na halatang sumusunod sa rhythm ng kanta. Pati ang mga kamay nito ay napapagalaw din. Lihim siyang napangiti at napapikit na rin. Ilang sandali pa`y naramdaman na lamang niya ang pagsandal ng ulo nito sa balikat niya. Napadilat siya at biglang nataranta, hindi niya alam kung bakit.

“We`re here!” narinig niyang sabi ni Tal na nasa harapan lang nila.

Marahan niyang inalis ang ulo ni Angel sa kanyang balikat at tinapik ito nang mahina.

“Hey! Angel, wake up.”

Agad namang napadilat ang dalaga at tumingin sa kanya. Bigla itong namula. Inalis nito ang earphone sa tenga at agad tumayo. Kumunot ang kanyang noo sa reaksyon nito. “Weird.” Sumunod na rin siyang bumaba sa mga ito.

“**VATER!**” masayang sigaw ni Tal nang bumaba ng stage ang kanilang ama matapos nitong kumanta.

“Oh, you`re all here!” natutuwang sagot nito at isa-isa silang hinalikan sa pisngi. “You enjoyed the show?” tanong nito kay Angel. Lihim siyang napasimangot. Parang mas gusto ng ama nila si Angel kaysa sa kanila ng kapatid niya.

“You`re so great, Uncle Abi!” puri nito sa papa niya.

“Oh, thank you,” sagot nito kasabay ang mahinang tawa. “Let`s go?” tanong nito sa kanila.

“I want to eat pizza,” sabi ni Tal.

“Okay, let`s have pizza, then.”

Dinala sila ng papa niya sa paborito nilang pizza restaurant—ang Nero Pizza and Grill. Habang kumakain, panay naman ang palihim na pagtitig niya kay Angel. Kung minsan ay nagkakasalubong ang tingin nila kaya agad siyang umiiwas.

“Gil?”

Gulat naman siyang napatingin dito. “Huh?”

“Do you want to say something?” nakangiting tanong nito sa kanya. Napatingin siya sa iba. Huminto ang mga ito sa pagkain ng pizza at nakatingin na rin sa kanya.

“No,” iling niya.

Nagkibit-balikat lang ito. Nang maubos niya ang slice ng pizza na kinakain niya, nagpaalam siya sa papa niya para pumunta sa paborito niyang tindahan ng mga CD. Titingnan lang niya kung may bago na naman itong CD ng mga paborito niyang banda para mapag-ipunan niya.

“Go ahead. Let`s meet at home,” sagot nito.

“Thanks, Dad. I’ll be home soon. Bye, Aunt Martha!” matapos makapagpaalam sa mga nakakatanda, umalis na siya roon.

“Hey, there! Es ist noch einmal!(*It`s you again!*)” bati sa kanya ng may-ari.

“Any new CD?” tanong niya rito.

“Metallica and Nirvana? Keiner (*None*). But there are new arrival. Why don`t you check them out.”

“No, thanks. Maybe next time. I got to go home early. Bye,” nagmamadaling paalam niya. Mukhang matatagalan pa bago siya makakuha ng bagong album ng mga bandang iyon. Pagtitiyagaan na lang muna niya ang mga nasa kanya.

He`s heading the subway station para mas mabilis siyang makauwi sa kanila nang biglang may lumapit sa kanya.

“Entschuldigen Sie mich (*Excuse me*). I`m Greg from Bravo Magazine,” pakilala ng isang lalaki sa kanya. Sa tantiya niya ay nasa thirties na ito. “Are you interested to make a photoshoot with us?”

Nagpalinga-linga siya sa paligid. “Me?” tanong niya sabay turo sa sarili.

“Yeah, you. May I know your name?”

“Gil. Gil Ofarim,” pakilala niya sa sarili.

“Oh, Gil! Nice to meet you,” nakipagkamay ito sa kanya. “We are looking for a new talent for our magazine and I think you are perfect for it,” sabik na wika nito sa kanya.

“Can I think about it?” aniya na nawiwindang sa mga pinagsasabi nito. Minsan na niyang nakita ang laman ng Bravo Magazine at masasabi niyang maganda ang reputasyon nito. Pero bakit siya?

“Of course. Here`s my calling card. Call me in that number or you can go straight to our office if you are interested,” anito sabay abot ng calling card.

Nag-aalangang tinanggap niya iyon. “O-okay. I`ll think about it,” at tumalikod na siya.

“Wait!” tawag nito sa kanya. Napalingson siya. “Can I take a photo of you?” hiling nito sabay taas ang camera na noon lang din niya napansin. Tumango siya. “Okay, smile.” Ngumiti rin siya at agad siya nitong kinunan ng litrato. “Nice! Don`t forget to call me. I`ll be waiting for you.”

Iniwang na niya ito. Lito pa rin siya habang tinitingnan ang calling card na hawak niya. Tooto kaya ang sinasabi ng taong iyon? Baka naman pinagtitripan lang siya nito?

“What happened to you?” tanong ni Angel sa kanya nang pumasok siya sa kwarto niya— sa kasalukuyang kwarto nito. Hindi na naman siya kumatok. Nakalimutan na naman niyang may pansamantalang gumagamit nito. Pero mukhang hindi na naman nito minasama iyon.

Matamlay siyang naupo sa kama katabi nito. “I met someone in the subway station. He said he`s from Bravo Magazine and he wants me to have a photoshoot for their mag.”

“So?”

Humarap siya rito. “What is that mean?”

Bigla naman siya nitong binatukan. “It means you`ll be a model for their mag. You`ll have a job, become famous and become rich! You, idiot!” anito na parang galit.

Para siyang nagising sa ginawa nito. “You think so?” excited na tanong niya rito.

Akmang babatukan na naman siya nito pero mabilis siyang nakailag. Sabay silang nagtawanan. “Go, tell your dad. He`ll be more excited to hear about that!” utos nito.

Sinunod niya ang payo nito. Ipinaalam niya sa kanyang ama ang tungkol doon. Natuwa naman ito sa narinig at suportado siya nito. But then, they had to make sure na talagang taga-

Bravo Magazine iyon. Kinabukasan, pumunta siya kina Lauro upang hiramín ang Bravo magazine nito. Hinanap niya ang telephone number ng kumpanya at bumalik sa bahay nila para tawagan iyon.

"Bravo Magazine, guten Morgen! Kann ich Ihnen helfen? (*Bravo Magazine, good morning! May I help you?*) " bati ng nakasagot na boses babae.

"Hi! May I know if a certain Greg Brandt is related to your company?"

"Do you mean our senior photographer Greg?"

"Yeah. Yeah, that`s him!" masayang wika niya.

Matapos niyang makumpirma na totoo ang pinagsasabi ni Greg, nagpasama siya sa pamilya niya pati na rin sina Aunt Martha at Angel para pumunta sa Bravo Magazine studio. Tatanggapin niya ang offer ni Greg. Sabi nga ni Angel, it`s a once-in-a-lifetime opportunity. Dapat niyang sunggaban ang magandang kapalarang nakahain sa kanya ngayon.

"Congratulations, Gil! You`re in," pahayag ng executive manager ng kumpanya.

"Really?" hindi makapaniwalang tanong niya.

"Your official photoshoot starts tomorrow at eight in the morning. See you around," iyon lang at umalis na ito.

Lumabas siya ng silid na iyon na tulala at hindi pa rin makapaniwala sa narinig.

"What happened?" nag-aalalang tanong ng mommy ni Angel sa kanya.

"Gil? Are you alright?" si Angel naman ang nagtanong sa kanya.

"I`ll be starting tomorrow," tila wala sa sariling sagot niya.

"Huh?" halos sabay-sabay at kunot-noong tanong ng mga ito.

"I`m in!!! I`ll be posing for Bravo Magazine!" sa wakas ay nailabas din niya ang kanyang kasiyahan.



“That`s great! Congratutlations, son,” wika ng amang sobrang proud at sobrang higpit ng yakap sa kanya.

Isa-isa ring yumakap ang iba pa sa kanya...at kasama na roon si Angel.

“I told you. It`s your chance, Gilly Fish,” wika nito sa kanya.

Kinabukasan ay nagsimula na ang pagtahak niya sa mundo ng showbiz.

### CHAPTER THREE

**HABANG** busy si Gil sa pictorial nito sa Bravo magazine, pinagkaabalahan na lamang ni Angel ang mamasyal sa mga kamag-anak ng daddy niya na nasa kabilang bahagi ng Munich. Minsan isinasama niya si Tal. Minsan naman sila lang ng mommy niya. Madalas kasi nasa studio rin si Tal, sinasamahan ang kapatid nito. Minsan din pumupunta siya roon. Ang Uncle Abi naman niya ay busy sa mga gig nito. Tanging mga katulong na kamakailan lang din niya napansing nag-e-exist pala sa bahay na iyon ang naiiwan sa bahay kapag lahat sila ay umaalis. Ang mga ito ang naglilinis ng bahay, nagluluto ng pagkain at nag-aalaga sa mga aso nila.

Madaling lumipas ang mga araw. Dahil nagkaroon ng emergency sa bahay nila sa Pilipinas, kinailangang umuwi ng kanyang ina. Gusto sana nitong sumama siya pauwi ngunit hiniling niyang manatili muna siya. Nangako naman ang kanyang Uncle Abi na hindi siya pababayaan hangga't nasa poder siya nito. Tumulong na rin sina Tal at Gil sa pagkumbinsi rito. Sa huli ay pumayag na rin ito.

Dahil wala na roon ang ina, siya na ang pumalit sa kwartong tinutulugan nito upang makabalik na si Gil sa dating kwarto nito. Alam kasi niyang nami-miss na nito ang sariling higaan at ang lahat ng mga gamit nito. Pero hindi rin niya naiiwasang tumambay doon dahil nasanay na siyang maupo sa kama nito kahit walang ginagawa. Hindi naman ito nagreklamo kaya malaya siyang nakalalabas-masok doon.

“Wow! Gilly Fish, sika na sikat ka na ngayon sa buong Munich. Ang dami mo nang fans,” puri niya kay Gil nang pumasok siya sa kwarto nito. Kasalukuyan itong nagbabasa ng mga sulat mula sa mga fans nito. “Gusto mo tulungan kitang magbasa ng mga fan mails mo?”

“Gusto mo palabasin kita rito?” tanong naman nito na tila nairita sa presensya niya.

Nainis siya. Subalit sa kabilang banda, natuwa rin siya. Mukhang matalino nga ito at mabilis itong matuto. Mag-iisang linggo pa lang simula nang bigyan niya ito ng English-Filipino dictionary at turuan kung paano magsalita ng Filipino pero mukhang ang dami na nitong alam. See? Marunong na agad itong magsalita ng Filipino language. Habang siya ay nagdurugo pa rin ang ilong sa tuwing nag-aaral siya ng German language.

“What?” untag nito sa kanya.

“Naa-amazed lang ako sa iyo. Mukhang kailangan ko nang bantayan ang mga sinasabi ko kasi nakakaintindi ka na ng lengwahe namin.”

“Yeah, right. You should be careful with your words,” anito na nasa hawak na fanmail ang atensyon.

Maya-maya’y nag-ring ang kanyang cellphone. Ang mommy niya ang tumatawag.

“Mom! Kumusta na si Lola?” sabik na tanong niya rito.

“Wala na ang lola mo,” umiiyak na sagot nito sa kabilang linya.

“Po?”

Kusang tumulo ang luha mula kanyang mga mata. Hindi na niya nagawang magpaalam sa kanyang ina sa telepono. Dahan-dahang bumaba ang kanyang kamay mula sa kanyang tenga at lumapag ang cellphone niya sa kama.

Natigilan si Gil sa ginagawa nang marinig ang hikbi niya. Napatingin ito sa kanya.

“Angel, are you okay?”

Imbes na sumagot, napayakap siya rito habang umiiyak. Mahal na mahal niya ang kanyang lola. Mahal na mahal din siya nito. Mula pagkabata ay ito na ang palagi niyang kasama,

karamay at sumbungan. Ngayong wala na ito, pakiramdam niya'y isang bahagi ng kanyang pagkatao ang nawala.

“Wala na ang lola ko. Patay na siya,” sumbong niya rito.

Niyakap siya nito nang mahigpit. For the first time, noon lang niya naramdaman ang senseridad nito. Nakadama siya ng kapayapaan habang nakakulong sa mga braso nito. Pagkuwa'y marahan itong kumalas sa kanya at pinahiran ng mga hinalalaki nito ang mga luha niya.

“Tahan na. Huwag ka nang umiyak.”

Dahil sa nangyari, kinailangan niyang bumalik ng Pilipinas. Nagpaalam siya nang maayos sa kanyang Uncle Abi, kay Tal at pati na kay Gil.

“Be careful,” sabi ni Abi sa kanya nang ihatid siya ng tatlo sa airport.

“Thanks, Uncle. I will,” sagot niya. Minsan pa niya itong niyakap. Maya-maya'y si Tal naman. “Bye, Tal,” paalam niya nang kumalas dito.

“I'll miss you,” sabi nito.

“Me, too.”

Then, it's Gil's turn. Nagkatinginan muna sila ng binata bago ito naunang nagsalita.

“Don't cry too much, okay?” bilin nito sa kanya.

“Okay,” nakangiting sagot niya. Pagkuwa'y niyakap nila nang mahigpit ang isa't isa.  
“Mami-miss kita.”

“Ako rin,” anito at marahang kumalas sa kanya. “Balik ka, ha? Hihintayin kita.”

“I will. At dapat pagbalik ko, kabisado n'yo nang mag-Tagalog para naman hindi na ako mag-nosebleed,” natatawang wika niya rito pati kay Tal.

“OH, nami-miss mo na naman si Gil?” marahang tanong ng kanyang ina nang lumapit ito sa kanya habang mag-isa siyang nakaupo sa kanilang swing malapit sa garden nila.

“Ewan ko ba, mommy. Kahit nakakainis ang mokong na iyon, nakaka-miss din po pala siya,” pagtatapat niya sa ina.

“Gusto mo siya?”

“Po?” gulat na tanong niya na hindi inaasahan tanong nito.

“Bakit gulat na gulat ka? Nakakagulat ba ang tanong ko?”

Tumayo siya. “Mommy naman, eh. Ano bang klaseng tanong iyan?”

Biglang natawa sa kanya ang kanyang ina. “Hay, ewan ko sa inyong dalawa. Kayo lang yata ang hindi nakakaalam na may gusto kayo sa isa`t isa.”

“Po?”

“Never mind what I said. Pumasok ka na at kailangan mo pang mag-empake,” wika nito.

“Ano po? Saan po tayo pupunta?”

“Ikaw lang. Sa Germany ka na magpapatuloy ng pag-aaral mo. Tumawag sa akin ang Tito Abi mo. Hiniling niya na kung pwede bumalik ka na agad doon at doon ka na mag-aral. Ang dami na raw kasing naghahanap sa iyo roon.”

“Si Tito Abi talaga. Siguro nami-miss na rin ako ni Tal at grupo nina Lauro dahil wala nang naghahatid ng meryenda sa kanila,” natatawang sabi niya.

“Maliban sa kanila, may iba pang nakaka-miss.”

“Sino naman po?”

“Si Gilli, si Gilly Fish at si Gil.”

“Mommy naman, eh. Binibiro n`yo naman ako,” parang batang reklamo niya.

Natawa naman sa kanya ang ina. “Sige na. Nagpaalam na ako sa daddy mo. Besides, uuwi raw siya ng Germany this year so mabuti na iyong magkita kayo roon. Susunod na lang ako kapag nakapag-leave ako sa trabaho ko.”

“Talaga po? Thank you po, Mommy. Gustong-gusto ko na po talagang bumalik sa Germany,” sabik na wika niya sabay yakap dito.

“Kita mo na? Sige na, pumasok ka na.”

Malungkot man siya dahil maiiwan niya ang mga kaibigan niya sa Pilipinas, natabunan pa rin ito ng kasiyahan at labis na pananabik dahil sa wakas ay makakasama na naman niya ang makukulit niyang mga kaibigan at mga pinsan sa side ng daddy niya. Isa pa, mas gusto niya ang paligid sa Germany. Gagawin na lamang niyang bakasyon ang Pilipinas tatalahang fifteen years din siyang nanatili roon.

Binilinan niya ang kanyang Tito Abi na huwag sabihin kina Tal at Gil ang tungkol sa kanyang pagbabalik. Gusto niya kasing sorpresahin ang dalawa.

“I`m sure they`ll be very surprised,” wika nito nang sunduin siya sa airport.

“Are they home yet?” tanong naman niya.

“Nope. Gil`s having a pictorial with Tal today. We`ll be heading directly to the studio.”

Isinakay nito ang kanyang mga bagahe sa likod ng kotse. Naupo na siya sa passenger`s seat. Ilang sandali pa`y pumwesto na si Abi sa driver`s seat at ito na ang nagmaneho ng kotse nito.

“Really, Uncle? So Tal is also now part of Bravo Magazine?” namamanghang tanong niya.

“Yup. And they`re signing a recording contract soon,” pagmamalaki nito sa mga anak.

“Wow! That`s huge!”

“I know. Until now, I still can't believe their fortune.”

“It's a blessing, Uncle.”

“Yeah, right.”

Hindi na siya sinamahan ni Abi sa loob. He just dropped her off at dumiretso na ito sa bahay. Okay lang sa kanya dahil kabisado na niya ang daan papuntang studio kung saan madalas ginagawa ang pictorials ni Gil.

Paliko siya sa kanan nang biglang hinarangan siya ng gwardiya.

“Miss, Außenstehende hier nicht erlaubt (*Miss, outsiders are not allowed here*),” wika nito.

“Ich bin Gil und Tal's Freund (*I'm Gil and Tal's friend*),” sagot niya in German. *Akala mo hindi ako marunong mag-German, ha?* Kahit papaano'y may alam din naman siya. Kaso nga, konti lang.

Magsasalita pa sana ito nang bigla siyang makita ni Tal.

“Angel!” masayang sigaw nito at lumapit sa kanya.

“Hey, Tal!” bati niya sa kaibigan sabay yakap dito.

“I'm glad you're back. I'm sure Gil will be surprised,” wika nito nang kumalas sila sa isa't isa. Binalingan nito ang guard. “Es ist okay. Sie ist unser Freund,” at dinala na siya nito sa loob.

Shocked siya nang makitang naked shot ang ginagawa ni Gil at tanging gitara lang ang pantakip nito sa maselang bahagi ng katawan nito. Magkahalong hiya, kaba, sabik at ewan ang naramdaman niya. *My gosh, Gilly Fish! Bakit ka pumapayag na pagpiyestahan nila ang katawan mo?*

“Okay, Gil! That's it for today,” wika ng photographer.

Tumayo na si Gil para magbihis nang mapatingin siya nito. Bigla itong namula—sa hiya o sa pagka-surprised, hindi niya alam. Basta nag-blushed ito. Lihim naman siyang natawa. Lumabas na muna sila ni Tal at doon na ito hinintay.

“Angel, anong ginagawa mo rito?” tanong nito sa kanya nang makalabas ito.

*Wow! Diretso nang mag-Tagalog ang crush ko.*

“Crush?” tanong ng isang bahagi ng kanyang utak. *Teka, edit, edit.*

*Wow! Diretso nang mag-Tagalog si Gilly Fish.*

“Hoy, Angel! Bakit natulala ka diyan?” untag sa kanya ni Tal. Pati ito ay mahusay na rin. Para na silang mga mestisong Pinoy.

“Sorry. May bigla lang sumagi sa isip ko,” aniya. Balik sa kasalukuyan ang utak niya. “Your dad dropped me off here,” sagot niya sa tanong ni Gil. Palabas na sila ng building.

“I mean, anong ginagawa mo rito sa Germany? Summer vacation is almost over,” pagkaklaro nito.

“Dito ako mag-aaral,” walang kagatol-gatol na sagot niya.

“Really?” halos magkasabay na tanong ng dalawa.

“Yup! And we`ll be school mates,” masayang sagot niya.

Nasa hallway na sila ng first floor nang biglang tumigil si Tal. “Uh-oh.”

“Bakit?” nagtatakang tanong niya. Napatingin siya sa labas. Naroon ang mga nagkakagulong mga kababaehang na halos kasing-edad lang nila.

“Mga fans ni Gil,” sagot ni Tal.

Mukhang alam na rin niya ang mangyayari. Stampede ito kapag nagkataon.

“Tal, bring Angel with you. Be sure to take care of her. I`ll just greet my fans then I`ll go straight home,” utos ni Gil kay Tal.



“Paano ka?” nag-aalalang tanong niya rito.

Tumingin ito sa kanya at ngumiti. “I’ll be fine. Don’t worry, they nice people,” anito at nauna na sa kanila. Dinala naman siya ni Tal sa exit kung saan may naghihintay sa kanilang kotse. Agad silang sumakay roon.

“Danke (*Thank you*),” wika ni Tal sa driver nang makababa na kami.

“Gern geschehen (*You’re welcome*),” sagot nito bago pinasibad ang kotse.

“Halika na sa loob,” yaya ni Tal sa kanya. Tahimik siyang napasunod dito. Kasalukuyang naghahanda ang mga kasambahay nila ng meryenda nang pumasok sila. Naupo sila. “Kumain ka muna,” offer ni Tal sa kanya.

Gusto sana niya itong tanggihan pero nahiya na siya. Kumagat siya ng isang cookie.

“Tal, ganoon na ba palagi ang buhay ni Gil? Laging hinahabol?” curious na tanong niya.

“Yup. That’s getting normal these days. Gil’s becoming many girls’ dream guy,” kaswal na sagot nito sa kanya bago kumuha ng cookie. Nalungkot siya. Hindi niya naitago ang pagkabahala. “You’re worried?”

“It’s nothing,” iling niya.

“Or you’re jealous?” may halong panunukso ang tanong nito.

“Jealous? Why would I be jealous?” halos pasigaw na tanong niya.

“*Kung maka-react, wagas!*” bulong ng kanyang konsensya.

“Yeah, right. You don’t have to be jealous. As a matter of fact, they are the ones who should be jealous of you,” iniba naman nito ang pagkakaintindi sa sinabi niya.

“Eh?”

“Eh, kasi dito ka sa amin nakatira. And Gil *might* spend more time with you than them.”

“*Might,*” mahinang ulit niya sa sarili. Ibig sabihin, kung hindi ito busy. Paano kung busy ito? So, mawawalan na ito nang panahon sa kanya? Hindi na niya ito madalas makikita at makakasama.

“*Teka, nga! Bakit ba ako nalulungkot nang ganito?*” tanong ng isang bahagi ng kanyang utak.

*Kayo lang yata ang hindi nakakaalam na may gusto kayo sa isa`t isa.*

Bigla namang umalingawngaw ang sinabing iyon ng kanyang ina.

“Angel, hoy! Okay ka lang?” tanong ni Tal sabay pitik ng kamay sa kanyang harapan.

Napakurap siya. “H-ha?”

“You know what? Get some rest. I’ll call you when supper`s ready.”

“Mukhang kailangan ko ngang magpahinga. Sige, mauna na ako,” paalam niya bago tumayo. Dumiretso siya sa taas. Sobrang hina ng kanyang katawan at pagod na pagod kaya agad siyang nahiga sa kanyang kama...Or so she thought.

**“ANGEL...”**

*Unti-unti siyang dumilat nang marinig ang tinig ni Gil. Ilang beses din siyang kumurap upang siguraduhing hindi siya nananaginip.*

“Gil?” tanong niya kahit nanghihina.

“Yeah, it`s me. Are you okay? Kumusta ang pakiramdam mo?” sunod-sunod na tanong nito. Naramdaman niya ang mainit na pala nito sa kamay niya.

“Okay na ako ngayong andito ka na.”

“Mabuti naman,” anito at biglang natahimik.

“Gil, bakit? May problema ba?”

*“May kailangan akong sabihin sa iyo.”*

*Bumangon siya at umayos nang upo sa kanyang kama.*

*“Ano iyon?”*

*“Kailangan kong umalis. May tour kami sa Amerika at Asia bukas. Hindi muna tayo magkikita nang ilang linggo,” tila nahihirapang sagot nito.*

*“Paano ako?” umiiyak na tanong niya. “Gil, naman...Bumalik ako rito para makasama ka tapos ngayon iiwan mo pala ako? Ayoko...Ayokong mawala ka sa akin,” iiling-iling siyang napayakap sa binata...*

*“Angel, Kakain na!”*

Agad siyang napabalikwas nang bangon nang maramdaman ang pagyugyog ng isang kamay sa kanyang balikat. Napatingin siya sa mukhang nasa harapan niya. Si Gil nga iyon.

*“Oh, bakit ka umiiyak?”* nagtatakang tanong nito sa kanya.

Imbes na sumagot, yumakap siya dito. Sobrang higit na akala mo`y may aagaw sa binata mula sa kanya. Napayakap naman ito sa kanya.

*“Tahan na,”* wika nito habang hinahaplos ang kanyang likod. Naroon na naman ang pakiramdam niya sa tuwing niyayakap siya ni Gil. She felt secured na parang bang ligtas siya sa kahit anong bagay.

Huli na para ma-realize niyang panaginip lang pala iyon. She`s awake at nakayap kay Gil Kumalas siya dito. *“Pasensya ka na. Masama lang ang panaginip ko,”* aniya na hindi makatingin nang direktso sa mga mata nito.

“It`s okay,” sagot nito na wala man lang bahid nang panunukso. Napatingin siya ulit sa mukha nito. Pinahiran na naman nito ang kanyang mga luha tulad ng ginawa nito noon. “Halika na, kain na tayo.” Tumango lang siya. Nauna na itong lumabas sa kanya.

Pagtayo niya, napansin niyang may kakaiba sa kanyang kwarto. Pero parang pamilyar sa kanya ang paligid. Teka...parang...Biglang bumukas ang pinto.

“By the way, you`ve slept on *my* room,” nakangiting wika ni Gil at muling isinara ang pinto.

*Facepalm!* Sabi na nga ba, eh. Kaya pala kakaiba pero pamilyar sa kanya ang kwartong iyon. Hindi pala iyon ang guest room na tinutulugan ng mommy niya at later naging kanya na. Kay Gil pala iyon. *Waaahhhh!*

Pagbaba niya, hindi na niya alam kung paano titingnan si Gil. Lalo lang siyang nahiya rito.

“Angel, are you okay?” tanong ng kanyang Tito Abi sa kanya sa gitna ng kanilang pagkain.

“I`m okay, Uncle,” sagot niya.

Nahalata naman niya ang lihim na pagngiti ni Gil na halatang pinipigilang matawa. Mukhang hindi pa nito binubuko ang katangahan niya.

Palipat-lipat naman nang tingin si Tal sa kanilang dalawa ni Gil. “Aherm!” tikhim nito.

“Sige na nga. Aamin na ako,” hindi na nakatiis na wika niya. Napahinto sa pagsubo ang lahat at tumingin sa kanya. “I mistook Gil`s room for mine. Doon ako nakatulog kanina,” kagatlabing amin niya. Alam niyang walang hanggang kanyawan ang naghihintay sa kanya kaya inihanda na niya ang kanyang sarili.

Ngunit walang nangyaring tawanan. *Eh?*

“Maybe you`re too tired on your flight that you forgot it`s not your room anymore,” wika lang ng kanyang Tito Abi.

“Po? Siguro nga po.”

“Kumain ka na,” utos naman ni Gil.

## CHAPTER FOUR

“ALAM mo, ang sama mo talaga!” wika niya kay Gil nang puntahan niya ito sa kwarto nito.

Napahinto si Gil sa paggigitara at napalingon sa kanya. “Why? I`m not doing anything wrong to you.”

“Oo nga naman,” sagot naman ng kanyang konsensya. “Pinahiya mo ako kanina.”

“Pinahiya? Napahiya ka because we didn`t laugh at your mistake? Is that what you mean?”

“Ewan ko sa iyo,” irap niya rito bago tumalikod.

“Weird!” narinig niyang wika nito.

Agad siyang napalingon. “Anong sabi mo?”

“Wala.”

Inirapan na naman niya ito.

“Hey!” Napalingon siya at napataas ang kanang kilay. “Are you good in writing poems?”

“A little bit. Why?”

“Can you help me out?” hiling nito. “I`m composing a song. I just don`t get the right words. Please?”

Biglang nag-iba ang atmosphere. Okay na ba sila?

Napaupo siya sa kama katabi nito. “May I see?” Tiningnan niya kung ano ang naisulat nito. Bigla siyang kinilig. Pakiramdam niya kasi para sa kanya ang kantang iyon. “Parinig nga,” utos niya rito. Agad namang kinanta iyon ni Gil while playing his guitar.

*Is it the way that you're movin'*

*The way that you're makin' my heart beat*

*Is it the sound of your voice*

*The way that you're talkin' to me*

*Is it the scent of your hair*

*The look of your smile*

*I don't know*

*Is it the way that you're dressed*

*You believed you're the best*

“Para kanino naman ito?” curious na tanong niya. Unconsciously, she`s hoping na sana para sa kanya iyon.

“Secret. Basta. Hindi ko na alam kung anong susunod na isusulat dito.”

Agad naman niyang kinuha ang ballpen nito. “Hmmm. Bakit di mo kaya lagyan ng ganito,” aniya habang nagsusulat. Saglit na humito siya at nag-isip tapos muli na namang sumulat, “Tapos ganito. Hayan,” napapalakpak siya nang matapos. “Try mo,” aniya sabay abot dito.

*No, I think it's the look in your eyes*

*You drive me insane, sane, sane*

*Is it the look of your face*

*I'm losin' my base (can't you see)*

*Is it the style of your walk*

*Or the way that you talk,*

*I don't know*

Tinugtog ni Gil ang gitara kasabay ng pagkanta nito ng lyrics na sinulat niya. “Nice!” bulalalas ito. “You`re great!” puri pa nito sa kanya.

“I know, right?” pagmamayabang niya. “Pero parang kulang pa iyan, eh.” Nag-isip pa siya nang mabuting lyrics na ipapataw doon para mas bumagay sa tonong ginawa nito. Mataman lang siyang pinanood ng binata.

“**GREAT**, Gil! We`ll include that in your upcoming album,” wika ng executive producer ng Bravo. “Got your class today?”

“Yes, sir,” sagot niya.

“Then get ready for school. I`ll see you tomorrow,” wika nito bago siya pinalabas sa opisina nito.

“Yes!” impit na sigaw niya. Kinuha niya ang kanyang bag at agad lumabas gamit ang sekretong exit ng building. Doon naghihintay sa kanya ang isang kotse kung saan may driver na handa siyang ipagmaneho kahit saan basta`t alam ng kumpanya. Alam niyang may nakasunod sa kanyang bodyguards kahit hindi niya nakikita ang mga ito. It`s a company protocol to insure the security of its talents.

“Zu meiner Schule (*To my school*),” wika niya sa driver. Agad itong nagmaneho. Ilang minuto pa`y nasa paaralan na nila siya.

“Gil! Glad you`re here,” masayang salubong sa kanya ni Angel.

“Yeah.”

“Miss Keller, go back to your seat,” utos ng kanilang guro kay Angel. Nakasimangot na bumalik sa pagkakaupo ang dalaga. “Mr. Ofarim, you may take your seat.”

“Thank you, Ma`am,” sagot niya rito. Tumabi siya nang upo kay Angel. Pansin niya ang mga kakaibang tingin ng kanilang mga kaklase habang nagbubulungan ang mga ito.



Hindi pa man sila nakakalabas, nagsiksikan na sa pag-aabang ang mga fans niya sa labas ng kanilang classroom. Lihim siyang napabuntong-hininga.

“Hirap maging sikat, ano?” bulong ni Angel sa kanya.

“Nope. I enjoyed it,” nakangiting sagot niya rito. Nakita niyang napangiwi ito. Lihim siyang natuwa.

“Okay, that`s all for today,” deklarang kanilang guro nang mag-ring ang school bell. “See you all on Monday. Have a happy weekend, everyone.” Ilang sandali pa`y lumabas na ito.

Nagsimulang mag-unahang lumapit sa kanya ang mga estudyanteng fans niya. Ngunit bago pa man makalapit ang mga ito, umeksena na si Angel.

“Okay guys!” wika nito sa malakas na boses. “Those who want to have Gil`s autograph, please fall in line. We only got thirty minutes so, those who can`t have it today, better luck next time. Is that okay?” Natahimik ang mga fans niya. “Bahala kayo kung hindi kayo makaintindi ng English,” bulong pa ni Angel. May isang fan na pumila sa harapan niya. Ilang saglit pa`y sumunod na rito ang iba. “Good,” nakangiting wika pa ng dalaga.

Napatingin siya rito. Kumindat lang ito sa kanya. Napabuntong-hininga na naman siya. *Here I go again.*

Maayos naman ang daloy ng kanyang autograph signing. Nasa tabi lang niya si Angel at may sariling ginagawa.

“Anong ginagawa mo?” tanong niya rito habang pumipirma sa notebook ng isang fan.

“Assignment. Para wala na tayong gagawin this weekend,” sagot nito na hindi man lang tumitingin sa kanya.

“Gawan mo rin ako,” hiling niya.

“Ano ba sa tingin mo ang ginagawa ko sa notebook mo?” pilosopong tanong nito. Noon lang niya napansing notebook pala niya ang sinusulatan nito. Ni hindi man lang niya namalayang pinakialaman nito ang laman ng bag niya. Maya-maya’y umangat ang mukha nito. Tumingin sa wall clock bago sa pila ng kanyang mga fans. “Five minutes!” sigaw nito bago bumalik sa ginagawa.

Hindi pa man natatapos ang limang minuto, dumating na si Tal.

“Tal, where have you been?” tanong niya sa kapatid.

“Signing autographs,” sagot nito. Pati ang kapatid niya ay may sariling mga fans na rin pala.

Napansin niyang nagligpit na si Angel ng mga gamit nito. “Five, four, three, two, one! Okay, let`s go!” deklara nito at mabilis siyang hinila. Maagap naman niyang hinawakan ang kamay ni Tal kaya sabay-sabay silang nakatakas. Agad silang sumakay sa kotseng sinakyan niya kanina. Humarurot na ang sasakyan. Nakahinga siya nang maluwag nang makalayo na sila roon. Nagkatawanan silang tatlo.

“That was fun! Let`s do it again together next time,” natatawang sabi ni Tal.

“Thanks,” aniya kay Angel.

“Don`t mention it,” sagot nito.

Safe silang nakauwi sa bahay nila. Napansin ni Angel ang magazine na nakaipit sa kanilang gate kaya kinuha nito iyon. Nagulat na lang sila nang bigla itong natawa.

“Ano iyan? Bakit ka natatawa?” curious na tanong niya.

Ipinakita nito ang naked photos niya kung saan gitara lang ang naging pantakip niya sa maselang bahagi ng kanyang lower body. Pati si Tal ay natawa rin.

“Ano namang nakakatawa?” matabang na tanong niya at dumiretso na sa loob.

Ewan niya kung sinasadya ba nito o talagang katawa-tawa lang ang hitsura niya dahil hindi pa tumigil si Angel sa katatawa. “Hoy, tumigil ka na nga!” naiiritang saway niya rito.

“Ayoko nga,” sagot nito. “Eh, sa natatawa ako sa iyo, eh.”

“Natatawa o kinikilig? Weeh? If I know, pinagpapantasyahan mo na ngayon ang katawan ko,” asar niya rito.

“Hoy! Iyang katawang iyan?” nakapameywang na wika nito sabay hagod nang tingin sa kanya mula paa hanggang ulo.

“Eh, anong mali sa katawan ko? Macho naman ako, ah!”

Napaubo ito sa tinuran niya. “Macho? Ikaw?” natatawang tanong nito. “Eh, magkamukha na kayo ng gitara mo sa dito sa picture mo. Nalito nga ako alin ka sa dalawa.”

“Ang galing mo talagang mang-asar, ano? Akin na nga iyan,” napipikong wika niya sabay agaw sa magazine. Sino ba namang hindi mapipikon? Sabihan ba namang parang gitara ang katawan niya?

**“NYAHHAHA! Gilly Fish, ang pangit mo talaga rito!”**

Sapo ni Angel ang kanyang tiyan habang hindi maawat sa lakas ng halakhak habang tinitingnan ang larawan ni Gil sa camera. Tulog ito at nakanganga pa. Epic fail talaga!

“I-delete mo nga iyan,” naiinis na wika ng binata na tinangkang agawin ang kanyang camera.

“Ayoko nga,” tanggi niya na huminto na sa pagtawa. “Pan-discourage ko ito sa mga fans mo para hindi na sila lumalapit pa sa iyo. Hindi na nga tayo makalabas at hindi pa makapamasyal

nang maayos dahil ang daming sumusunod sa iyo. Bakit kasi ang ganda-ganda mo, Gilly Fish?" reklamo pa niya rito.

"Huwag mo nga akong tatawaging Gilly Fish. Gil lang ang pangalan ko. Hindi ako isda. Duh?" ito naman ang nagreklamo.

Ang masayang mukha niya ay biglang napalitan ng lungkot nang umupo sa tabi nito.

"Gusto mo ba talaga ang ginagawa mo? Masaya ka ba?" seryosong tanong niya.

"Oo naman. Alam mo namang gustong-gusto talaga ang music, di ba? Masaya ako kasi maraming nakikinig at nakaka-appreciate sa mga kinakanta ko. Maraming humahanga sa akin..."

"Hindi naman nagtatagal ang kasikatan," mahinang sambit niya.

"Kahit mawala man silang lahat, alam ko namang may isang tao na laging nariyan sa tabi ko at hindang-hindi ako iiwan kahit kailan kaya hindi na ako nalulungkot," wika nito na nakangiti sa kanya.

"Nama—" sasagot na sana siya nang magpatuloy pa ito sa pagsasalita.

"Sabi pa ni Tal sa akin, baka maisipan daw naming bumuo ng sarili naming banda..."

Para naman siyang binuhusan ng malamig na tubig sa narinig. Hindi pala siya ang ibig nitong sabihin kundi si Tal. Sa inis niya'y binatukan niya ito. "Uhm!"

"Aray! Ano bang problema mo?" reklamo na naman nito sa kanya.

Bigla siyang tumayo. "Ikakalat ko ito sa lahat ng mga fans mo," at naglakad papunta sa pintuan.

"Hoy!" tawag nito sa kanya at mabilis na hinarang siya nito sa pintuan. "Kapag ginawa mo iyan, hahalikan kita," banta nito sa kanya.

"*Talaga lang ha?*" wika ng pilya niyang utak. Pinigilan niyang umangat ang isang bahagi ng kanyang labi at baka mahalata nitong gusto rin niya iyon. Nagpakipot muna siya.

“Ikaw? Bakit mo naman gagawin iyon? If I know, diring-diri ka sa akin. Tseh!” sabay tulak nito sa isang tabi.

Hindi pa man siya tuluyang nakalabas ng pinto, nahawakan na ni Gil ang kanyang braso. Kinabig siya nito and he pushed her against the wall bago siniil ng mariing halik sa labi. Kahit pa sabihing inasam niya ang halik na iyon, hindi niya pa rin inasahang tototohanin nito ang sinabi kaya nabigla rin siya sa ginawa nito. For a moment, hindi siya nakakilos. Hinayaan lang niya si Gil na angkinin ang kanyang labi hanggang sa marahang lubayan nito ang mga labi niya.

Sinalubong nito ang kanyang mga titig na puno ng pagkabigla at pagkalito kung bakit iyon ginawa ni Gil. That was her first kiss, kung hindi pa alam ng lalaking ito.

“Ide-delete ko na ito,” wika niya nang makabawi sa pagkabigla. Dali-dali siyang lumabas ng silid ni Gil at nagkulong sa kanyang kwarto. Para siyang nahimasmasan nang maupo siya sa kanyang kama. Pumikit siya at muling sinariwa ang nangyari. Parang nararamdaman pa niya ang mga labi ni Gil na nakalapat sa mga labi niya at ang matamis na lasa niyon.

Maya-maya’y may kumatok sa labas ng kanyang pintuan.

“Bukas iyan,” sagot niya.

Bumukas ang pinto at iniluwa mula roon si Gil. “Can we talk?”

“I don’t want to talk about it,” aniya na parang nahuhulaan na ang gusto nitong pag-usapan.

“Will you go out with me tomorrow? Like a date?”

Tinitigan niya ito nang matagal direktso sa mga mata nito. “If you’re jus taking responsibility of what you’ve done, then I won’t.”

“I’m not, I mean, I am. I-I don’t know,” naguguluhang sagot nito.

“Know what? I`m tired. Let`s talk about it tomorrow.” Nahiga na siya sa kanyang kama at tumalikod dito. “Turn the lights off when you go out. Thanks.”

Hindi na ito nangulit. Pinatay nito ang ilaw bago lumabas. Napabuntong-hininga lang siya.

*Gil, what have you done to me?*

Pumikit siya at sinubukang matulog.

Kinabukasan, maaga pa lang, nasa lawa na siya. Hindi siya gaanong nakatulog kakaisip kay Gil kaya bumangon na lamang siya. Nagbakasakaling makatulong ang lawa upang magkaroon siya ng peace of mind. Subalit ang katahimikang natagpuan niya ay biglang naglaho nang makarinig siya ng ingay...Ay hindi pala! Tunog iyon ng gitara na nagmumula sa likod ng isang malaking puno. Maya-maya pa`y may tinig na siyang narinig na kumakanta.

*I`d give you everything, anything*

*If you`d be mine*

*I`d give the stars above, an` all my love*

*How can you be so blind, so blind*

*I`m going out of my mind*

*All the time for you, yes it`s true*

*If you only knew that I`m crazy for you*

*Then you`d understand*

*If I only knew what you`re going through*

*Then I`d understand*

*Then I`d understand...*

Mula sa puno ay lumabas si Gil. “Hi!” nag-aalangang bati nito sa kanya.

“Hi!” ganting bati rin niya rito. “Ang aga mo yatang nagising?” kaswal na tanong niya na parang walang nangyari.

Naupo ito sa tabi niya. “I haven` t slept yet. I made that song the whole night,” amin nito.

“It`s a nice song. Beautiful,” puri niya.

“Did you like it?” tanong nito na tila hindi mapakali. Kinakabahan ba ito?

“I love it,” nakangiting sagot niya.

“Great!” tila nakahinga nang maluwig na wika nito bago isinandal ang ulo sa kanyang balikat. Nataranta siya. Sobrang lakas ng kabog ng kanyang dibdib. “Huwag ka munang umalis. Let me sleep first,” anito. Naramdaman na lamang ang payapang paghinga nito.

“Gil...?”

“Hmmm?”

Hindi pa pala ito tulog.

“Why did you kiss me last night?” wala sa loob na tanong niya.

“Because I like you,” walang kagatol-gatol na sagot nito. Hindi niya malaman kung gising ito o nagsasalita lang ito kahit tulog.

Marahas niya inalis ang ulo nito sa balikat niya. “What did you say?”

Tila naalimpungatan naman ito. Walang anu-anong hinalikan na naman nito ang kanyang mga labi. “I like you. Is that clear enough?” tila naiiritang wika nito. “Now, let me get some sleep,” at muling sumandal sa balikat niya.

Lalo lamang siyang naguluhan sa mga sinabi at ginawa nito. Gusto siya nito? As in bilang girlfriend? Ibig sabihin sila na? Tekang, totoo ba ito? Hindi ba siya nananaginip?

Gusto pa sana niyang magtanong ulit subalit mukhang himbing na himbing na ang tulog ni Gil.

Makalipas ang halos tatlung minuto, nangayayat na rin ang kanyang balikat. Mahimbing pa rin ang tulog ni Gil. Marahan niya itong niyugyog.

“Gil, gising na. Mataas na ang sikat ng araw.”

Gumalaw ito at dahan-dahang dumilat. Nag-unat muna ito at naghikab bago humarap sa kanya. “Good morning!” nakangiting bati nito. “Tayo na ba?”

Nanlaki ang mga mata niya sa tanong nito. “Ha?”

“Di bale na nga lang. Let`s get inside,” anito na tumayo na at nauna nang tumalikod sa kanya.

“Oo na!” sigaw niya rito. Napahinto ito at lumingon sa kanya.

“Talaga?” tanong nito na lumapad ang ngiti.

“Uhm!” aniya sabay tango.

“Yes!” sigaw nito at agad lumapit sa kanya. “Walang bawian iyan, ha?” paniniguro pa nito.

“Oo sabi, eh,” nakukulitang sagot niya.

Mahigpit siya nitong niyakap at hinagkan. Hindi naman niya maipaliwanag ang tuwang nadarama nang mga sandaling iyon. Basta ang alam niya, masaya siya ay sila na ni Gil. Naramdaman din niya ang sinseridad nito.

Pumasok na sila sa loob at ipinaalam kay Tal at Abi ang tungkol sa relasyon nila. Tuwang-tuwa si Tal at panay ang tukso sa kanila. Hindi naman tutol ang kanyang Tito Abi. Pero napagkasunduan nilang hindi ipapaalam sa iba ang tungkol dito. It`s for her own protection lalo na ngayong nasa peak ang career ni Gil. Lahat ng mga mata ay nakatingin dito. Lahat ng kilos nito at bawat taong napapalapit dito ay binabantayan ng lahat.



## CHAPTER FIVE

“**HOOOOYYY!**” napakalakas na sigaw ni Angel sa boyfriend niya nang makita itong umakyat at kasalukuyang nakakapit sa isang poste.

“Hi, Gel!” nakangiti pang bati nito.

“Magpapakamatay ka ba?”

“Hindi.”

“Eh, bakit ka umakyat diyan?”

“Wala lang. Gusto ko lang dito sa taas.”

“Naka-drugs ka ba? Bumaba ka nga riyon.”

“Ayoko ko. Mamaya na. Gusto ko pa rito, eh.”

“May lahi ka yatang unggoy, eh.”

“Bakit ikaw, hindi? Lahat naman ng tao nagmula sa unggoy, ah.”

“Ang kulit mo talaga. Bumaba ka na diyan sabi, eh. Tatawag ako ng pulis. Sige ka.”

“Mamaya na sabi, eh.”

“Isa...Dalawa...”

“Bahala ka.”

“Bahala pala, ha?” naiinis nang wika niya. Maya-maya’y lalo pa siyang nagsisisigaw.

“Pulis! Pulis! Tulungan n`yo ako. Magnanakaw! May magnanakaw dito. Umakyat ng poste. Saklolo!”

“Hoy! Anong magnanakaw? Hindi ako magnanakaw! Hoy!”

Hindi niya ito pinakinggan. Patuloy pa rin siya sa pagsigaw.

“Tulong! Tu—“

BLAG!

“Gil! Gil, anong nangyari sa iyo?” Natatarantang nilapitan niya ito.

“Lumipad! Obvious ba? Nahulog ako. Aray,” pilosopong sagot nito na nagreklamo sa sakit ng katawan.

“Okay ka lang?” nag-aalalang tanong niya.

“Nahulog ako sa poste tapos itatanong mo kung okay lang ako? Ikaw, okay ka lang?”

“Eh, kasalanan mo rin naman!” inis na binatukan niya ito sabay tayo. Pagkuwa’y bumalik din para alalayan ito subalit na-out of balance ito kaya pareho silang natumba sa ground. Mabuti na lang at sa dibdib ni Gil nag-landing ang ulo niya kundi bukol ang inabot niya.

“Aray! Mas lalo yata akong nabalian ng buto,” reklamo nito habang nakayakap sa kanya.

“Naku, sorry!”

Akmang aalis na siya sa ibabaw nito pero mas hinigpitan pa nito ang pagkakayakap sa kanya.

“Dito ka lang,” malambing na utos nito.

“Baka may makakita sa atin dito. Pagpiyestahan pa tayo,” nag-aalalang wika niya kahit nakayakap sa binata. Baka lang kasi biglang sumulpot ang mga fans nito o ilang paparazzi.

Marahan itong kumalas sa kanya. Umalis na siya sa ibabaw nito. Paika-ika itong tumayo kasunod niya. Inalalayan niya ulit ito. “Huwag mo nang uulitin iyon, ha? Paano kung nabalian ka?”

“Oo na,” anito at umakbay sa kanya.

“YUCK, koto!” biro niya at umarteng nandidiri nang pagpasok niya`y makita niya itong kinakamot ang ulo at ginugulo ang sariling buhok. Nakaupo ito sa kama at kaharap ang notebook at papel. Nasa gilid naman ang gitara nito.

“Koto ka diyan,” reklamo nito na napahinto sa ginagawa. “Kung magkakoto man ako, alam ko na kung kanino galing iyon.”

“Hoy! Anong akala mo sa akin? Kotonin?”

“Sinabi ko bang ikaw? Bakit guilty ka?”

“Kakainis ka talaga,” reklamo niya sabay hampas nang paulit-ulit sa binata.

“Uy, aray!” Sinangga nito ang mga kamay upang protektahan ang sarili hanggang mahuli nito ang dalawang kamay niya. “Sige, hampas ka pa,” banta nito. “You know I know your weakness.” Ngumiti pa ito nang nakakaloko.

“Tseh!” irap niya.

“Huwag mo na kasing pakialaman ang buhok ko.”

“Wala ka bang balak iklian iyan? Mas maganda ka pang tingnan kaysa sa akin. Nai-insecure na nga ako minsan.”

“Nagreklamo ka, eh, gusto mo naman ang hitsura ko. Asus! Kung di ko pa alam, ito ang unang naka-attract sa iyo.”

“Oo na,” amin niya at siya na mismo ang gumulo sa buhok nito. “Huwag na huwag mong paiiklian iyan, ha? Mababawasan ang pagkagusto ko sa iyo.” Natawa naman ito sa kanya.

Bumalik ito sa pagsusulat ng kanta nang biglang mag-ring ang kanyang cellphone. “Dad!” she exclaimed. For the first time, ang daddy niya ang unang tumawag sa kanya.

“Angel...” humihikbing wika ng nasa kabilang linya na boses babae.

“Mom?” gulat na tanong niya. Ang mommy nga ba niya iyon? Pero bakit ito umiiyak?

“Mom, what happened? Bakit kayo ang gumagamit ng cellphone ni Daddy? Where is he?”

Tumigil sa ginagawa si Gil at pinagmasdan siya. Tila nakikinig ito sa usapan nilang magina.

“Naaksidente ang daddy mo...Wala na siya...”

Tulala siya. Hindi makapagsalita. Isa na namang masamang balita ang nagpaguho sa kanyang pagkatao. Isa na namang mahalagang tao sa buhay niya ang nawala sa kanya. Hindi makakilos habang patuloy na umaagos ang masaganang luha mula sa kanyang mga mata.

“Angel? Angel, what happened?” tanong ni Gil habang niyuyugyog ang kanyang balikat.

“Naaksidente si Daddy. Wala na siya,” nahihirapang amin niya rito. Naawang niyakap siya ng nobyo. Napayakap din siya rito. “Bakit ganoon, Gil? Bakit kinukuha ng Diyos ang mga taong mahahalaga sa akin. Naging masama ba akong tao?”

“Shhh...Tahan na. Hindi mo kasalanan ang mga nangyari sa kanila. May dahilan ang Diyos,” konswelo nito sa kanya. Humigpit ang pagkakayakap niya sa nobyo.

“Natatakot akong baka pati ikaw kunin din niya sa akin...”

“Tama na. Huwag kang mag-isip nang ganyan. Hinding-hindi ako mawawala sa iyo.”

SA ancestral house ng pamilya ng daddy niya sa Munich inilagak ang mga labi nito. Naroon ang buong pamilya nito, ang pamilya ng Tito Abi niya at ang kanyang ina na siyang pinakanasaktan sa malagim na sinapit ng kanyang ama. Walang humpay ang iyak nito. Tatlong araw na itong walang tulog at halos hindi rin kumakain. Hindi na niya alam kung ano ang gagawin para kahit papaano’y bumalik ang sigla nito.

“Mom, magpahinga naman kayo, please? Baka magkasakit kayo.”

“Okay lang ako, anak. Ikaw, magpahinga ka na rin. May pasok ka pa bukas,” mahinhing sagot nito.

“Hindi na po muna ako papasok bukas. Nagpaalam na po ako sa teacher namin.”

“Ganoon ba? Oh, sige na. Matulog ka na doon,” taboy nito sa kanya. Nakalimutan yata nitong iyon na rin ang kwarto niya dahil bumalik na si Gil sa dating kwarto nito. Gusto sana niya itong tabihan sa pagtulog pero parang gusto nitong mapag-isa. Lumabas na lamang siya.

“How is she?” mahinang tanong ni Gil na kakalabas lang mula sa kwarto nito.

“I don’t know,” iiling-iling na sagot niya.

“I’ve already fixed my bed. You can sleep in my room. I’ll be at Tal’s for the meantime.”

“Thank you,” mahinang sagot niya. Niyakap niya ito at pumasok na sa kwarto nito.

Panay ang iyak niya sa loob. Kinagat na lamang niya ang kanyang ibabang labi upang hindi marinig ng kung sino mang gising pa. Hindi niya alam kung ano ang naging kasalanan niya sa Diyos at bakit binabawi na nito sa kanya ang mga taong mahahalaga sa kanya. Natatakot siyang baka isa sa mommy niya o si Gil ang sumunod na mawa—Marahas siyang napailing upang iwaksi ang masamang iniisip.

“**GUSTO** ko nang bumalik sa Pilipinas,” pahayag ng kanyang ina.

“But, Mom, hindi pa masyadong nakaka-recover ang katawan ninyo. Are you sure kaya n`yo nang bumyahe?”

“Lalo lang akong malulungkot kapag nanatili ako rito at wala akong ginagawa.”

“Okay, sasamahan ko na lang po kayo.”

“Hindi na. I can travel by myself,” tanggi nito.

“Mom, hayaan n`yo na ako. Gusto kong makasiguro na okay kayo.”

“Paano ang pag-aaral mo?”

“Ilang araw lang naman iyon. Maganda naman ang mga grades ko. My teacher will consider.”

“Sige. Magpaalam tayo sa Tito Abi mo pati na sa mga kamag-anak ng daddy mo.”

Nang araw ding iyon pinuntahan nila ang mga kamag-anak ng daddy niya upang magpaalam sa mga ito. Kinagabihan naman ay kinausap ng mommy niya ang Tito Abi niya habang siya naman ay si Gil ang kinausap.

“How many days will you be away?” tila nagtatampong tanong nito.

“I’ll come back immediately as soon as possible.”

“You promise?”

“Oo naman. Bumalik nga ako agad noong hindi pa tayo, how much more ngayong tayo na?”

Napangiti ito sa tinuran niya. “Just take care of yourself, okay?”

“I will. You, too.”

“Of course,” sagot nito bago siya siniil nang halik sa labi. Gumanti siya. Ilang sandali ring naghinang ang kanilang mga labi bago ito naghiwalay. “I love you.”

Napangiti siya. Unang beses niyang narinig ang mga katagang iyon mula mismo sa bibig ng binata kaya nalulunod sa tuwa ang kanyang puso.

“Really?” nanunuksong tanong niya.

“What?” nagtatakang tanong naman nito.

“Mahal mo ako?”

“Matagal na,” amin nito.

“Tapos ngayon mo lang sinabi sa akin?” nagtatampong wika niya.

“At ikaw?” balik-tanong nito.

Oo nga pala. Hindi pa rin pala niya nasasabing mahal niya ito kahit matagal na niyang ramdam iyon. Napangiti siya. “I love you, too.”

Ngumiti ito at niyakap siya.

The next day, sinamahan siya ni Gil para bumili ng plane tickets papuntang Pilipinas. Pagkatapos masigurong okay na ang kanyang ina, agad siyang bumalik sa Germany para ipagpatuloy ang pag-aaral at para makita at makasama agad ang minamahal niyang nobyo.

**MAAGANG** pumunta si Gil kasama si Tal sa studio dahil tumawag sa kanila ang executive producer ng Bravo. May mahalaga raw itong sasabihin sa kanilang dalawa.

“Here you are!” masayang salubong nito sa kanila.

“What’s up, Harvey?” aniya.

“I’ve got good news and bad news for you.”

“What is it?” tanong ni Tal.

“The bad news is, you will be absent from your classes for months.”

“Months? We`ll be dropped out then,” nag-aalalang wika niya.

Nagkibit-balikat ito. “As a celebrity, that`s expected. You can have your home school after your tour if you want to continue schooling. Well, the good news is, you will be having a concert tour in US, Europe and Asia starting tomorrow.”

“Already?” halos sabay nilang tanong ni Tal. Agad-agad? Paano niya sasabihin kay Angel ang tungkol dito? Hindi niya kayang iwan ang kasintahan niya sa ganoong kalagayan. Kailangan siya nito.

“Why? Is there any problem? I`ve already talk to your manager—your dad—and he`s got no problem with it as long as you, two, agreed. If you pass now, you`ll never get another chance in it. So, what do you think?”

Nagtatalo ang kanyang puso at isipan. Gustong-gusto niyang makapag-tour pero hindi niya kayang iwan si Angel na mag-isa.

“You can bring your friend with you if you want. What`s her name? Angel? As long as she won`t be a problem to us,” tila nahuhulaan na ng boss nila ang iniisip niya. Umaliwalas naman ang mukha niya sa narinig.

“Really?”

“Why, of course. She`s important to *you*, I understand that. Besides, I want you to be at your best when you go there and perform.”

“Oh, hayan! Pinagbigyan ka na ni Boss,” bulong sa kanya ni Tal.

“Okay, we`re going!”

“Well, then. See our secretary for your schedule then you can leave earlier so that you can prepare yourselves and pack your things up.”



Matapos makapagpaalam, lumabas na sila sa opisina nito. Pinuntahan nila ang kanilang sekretarya upang tingnan ang kanilang schedule. Alas nuebe ng umaga kinabukasan ang flight nila papuntang Canada. They`ll be staying there for two weeks or so depende sa demands ng mga fans niya at sa desisyon ng kumpanya. Then sa Asia naman ang susunod nilang destination bago bumalik ng Europe.

“Kaya ba natin ito?” tanong niya kay Tal.

“Eh, di kakayanin,” sagot naman nito.

Matapos ang lahat ng mga kailangan nilang asikasuhin doon, dumiretso na sila nang uwi para makapagpaalam. Tulad ng inaasahan niya, pumayag ang kanilang ama sa kanilang desisyon at suportado sila nito. Ang susunod niyang poproblemahin ay si Angel. Nag-ipon muna siya ng lakas ng loob bago niya ipinagtapat ang tungkol sa pag-alis niya kinabukasan.

“Ganoon ba?” tila malungkot na wika ni Angel nang sabihan niya ito.

“Harvey said you can come with us,” dagdag pa niya rito.

“I really want to, but I can` t just leave my studies behind. I` m not a celebrity, you know. Besides, I` ll be just a burden to you there.”

“Of course not! You were never a burden to me.”

“I know. I` m sorry. But I really can` t go with you.”

“I don` t want to leave without you,” malungkot na pahayag niya.

Hinaplos nito ang kanyang mukha. “You` ll be fine. Besides, Tal is with you. Your dad is with you. I` ll keep in touch, I promise. I` ll call you from time to time.”

Kinuha niya ang kamay nito at hinagkan ang likod ng palad nito. Ngumiti ito sa kanya. “Ich liebe dich,” masuyong wika niya rito.

“Mahal din kita,” sagot naman nito.

Matapos noo’y inangkin niya ang mga labi nito. Gumanti naman ito nang halik sa kanya. The next thing he knew nasa kwarto niya na silang dalawa at pinagsasaluhan ang maiinit na halik ng isa’t isa. And they were stripping their clothes off. Nadadala na sila sa kanilang mga damdamin.

“That was wonderful,” wika nito na walang katiting na pinagsisihan sa nangyari sa kanila.

“I’ll treasure it until I come back,” aniya at minsan pa itong hinagkan sa noo.

“I’ll wait for you.”

**“WELCOME to Canada!”** pahayag ng flight attendant.

Sa wakas nasa Amerika na rin sila. Mula sa airport, dumiretso sila sa hotel na tutuluyan ng buong team. Magkasama sila ni Tal niya sa iisang kwarto. Ang daddy naman niya ay nagpaiwan muna sa Germany at nangakong susunod agad dahil may naka-schedule na itong gig before they knew they were leaving.

“I think I’ll enjoy my stay here,” wika nito na halatang namamangha sa mga nakikita nitong view mula sa binatan ng kanilang kwarto.

Agad niyang tinawagan si Angel para kumustahin ito at balitaan na rin tungkol sa kanila ni Tal.

“I`m doing fine. My mom`s doing fine in the Philippines. Your father, well, he`s enjoying his career.”

“That`s good to hear,” natutuwang sagot niya. “Well, I think Tal and I will enjoy our stay here. The people are so nice. The building are much, much bigger than in Munich...”

Natawa ang kasintahan sa kabilang linya. “I really can`t wait to see you soon, Gilly Fish.”

“I miss you too, Weird Angel.”

“Weird Angel? Am I weird?”

“Yup. Sumpungin ka kasi that`s why I would always think you`re weird.”

Sabay silang nagkatawanan. Ilang sandali pa`y pinatay na niya ang kanyang linya. Nagpahinga muna siya sa kanilang kwarto bago siya humarap sa kanyang schedule. Then bigla niyang naalala ang kanilang Asian tour. Muli niyang tinawagan si Angel.

“What?”

“We`ll be having our Asian tour after our tour here in US. I think Philippines is included in the list of countries we`ll be visiting. Can you go home by that time and meet me there?” sabik na tanong niya.

“Well, let me see my schedule. Hmm. I think I can.”

“Great! See you soon, my Angel.”

“Kanina weird, ngayon my,” natatawang komento nito. “See you soon, Gilly Fish. I love you.”

“I love you more.”

Kinabukasan sumabak na sila sa matinding laban. Sobrang hectic na ng kanyang schedule. Concert dito, interview doon. Kaliwa`t kanang autograph signing, pictorial with fans at guesting. Halos wala na siyang panahong makatawag sa girlfriend niya. Pati si Tal ay hindi na niya mapakiusapang tawagin si Angel para sa kanya dahil ito mismo ay busy na rin sa sariling fans. Sobrang layo na nga ng narating niya sa loob pa lamang ng dalawang taon. Ayon kay Harvey, mukhang mai-extend ang pananatili nila sa Amerika dahil may bago silang gagawing kanta para sa kanya at album na ire-release.

## CHAPTER SIX

“ARE you okay?” nag-aalala nang tanong ng kasambahay nilang si Amanda na kasing-edad lang ng mommy niya. Kanina pa kasi siya dumuduwal. “What have you eaten for breakfast?”

“I just had cookies and milk,” sagot niya.

“Maybe the cookies are already expired or maybe it`s the milk.”

“I don`t know. I didn`t look at the expiration da...” Mukhang maduduwal na naman siya kaya dali-dali siyang tumakbo sa banyo.

“Are you pregnant?” hindi na nakatiis na tanong ng katulong.

“What?” nanlaki ang mga matang tanong niya rito. Hindi niya inaasahan na itatanong nito ang bagay na iyon.

Agad itong humingi nang paumanhin sa kanya. “Nothing. I`m sorry. Please forget what I said.”

“It`s okay. I guess I just need some rest.” Dahan-dahan siyang umakyat sa taas pero hindi sa kanyang kwarto kundi sa kwarto ni Gil. Iyon ang parati niyang ginagawa kapag nami-miss niya ang nobyo. Pakiramdam kasi niya kasama niya ito. Nakikita niya ito sa bawat sulok ng kwarto nito, sa kama nito, sa mga gitara nito. *Hay!* Napabuntong-hininga lang siya. It`s been almost two months. Hindi pa rin ito bumabalik. Minsan sa isang linggo na rin itong tumatawag sa kanya. Sobrang busy siguro nito. Kawawa naman ang Gilly Fish niya. Sana naroon siya para siya ang nagpapasunod sa mga fans nito kung ano ang dapat gawin at maitatakas pa niya ito kahit anong oras.

Napapikit siya. Muling sumagi sa isip niya ang nangyari sa kanila sa silid na iyon. Bigla na lang siyang napamulat at labis na nanlaki ang kanyang mga mata. Could it be...? Tama kaya

ang sinabi ni Amanda? Nagdadalang-tao ba siya? Noon lang din niya naalalang delayed pala siya last month. Oh my! Ano kaya ang magiging reaksiyon ni Gil kapag nagkatotoo ang sinabi ni Amanda?

Hindi na siya nagdalawang-isip pa. Agad siyang nagbihis para bumili ng pregnancy test kit. Kailangan niyang makasiguro. Kapag nagkataong totoo iyon, pupuntahan niya si Gil kung nasaan man ito at sasabihin niya rito ang magandang balita. Siguradong matutuwa iyon. Mahal na mahal siya nito at alam niyang hindi nito tatalikuran ang magiging anak nila.

“Oh, where have you been?” tanong ulit ni Martha pagkauwi niya ng bahay.

“Ah, I just bought some medicines.” Itinago ang pregnancy test kit na kanyang binili.

“You should have called me.”

“It`s okay.” Tinapik niya lang ito sa balikat bago umakyat sa kanyang kwarto. Hindi na siya makapaghintay. Agad niyang ginamit ang binili niya. Tumulo ang kanyang mga luha sa nakita. Positive. She`s pregnant! Dinadala niya ang anak nila ni Gil. Magkahalong tuwa at pangamba ang kanyang naramdaman nang mga sandaling iyon.

Nang sumunod na araw, pinaghandaan na niya ang kanyang pagpunta sa Amerika para sundan si Gil at sabihin dito ang magandang balita. Tinapos niya ang lahat ng kanyang mga requirements sa school bago siya nagpa-book ng flight. Subalit nalaman niyang nasa Asia na pala si Gil. Ikakansela na sana niya ang kanyang flight nang bigla siyang tawagan ng kumpanyang pinagtrabahuan dati ng daddy. Since hindi makakapunta ang mommy niya, siya na lang daw ang dumalo sa tribute na ibibigay nito sa kanyang ama bilang pagkilala sa mga magagandang nagawa nito para sa kumpanya nila. Hindi naman niya ito matanggihan dahil mahalaga rin naman sa kanya ang kanyang ama. Itinuloy niya ang pagpunta sa Amerika and ni-reschedule ang plano niyang pakikipagkita kay Gil.

*Second week of Gil`s Asian tour...*

“LADIES and gentlemen, Gil Ofarim!”

Hiyawan ang lahat ng fans sa isa sa pinamalaking stadium ng Thailand nang lumabas siya.

“Hi, guys! How are you today?” bati niya sa mga ito. Hiyawan ulit ang sagot ng mga ito. Natawa siya. “This song is for you.”

Pagkawika noo`y nagsimula nang tumugtog ang kanilang banda. Una niyang kinanta ang kanyang carrier single na Round n` Round kung saan ka-duet niya si Tal. Masaya siya at halatang nag-e-enjoy rin ang kapatid at bestfriend niya.

*Round and round and round it goes  
And where it stops nobody knows  
So crazy, I got this feeling inside  
Want you back in my arms again  
Come on tell me I want you still by my side  
Tell me I am the only one,  
You know it and I know it,  
This love is stronger than anything  
Oh girl you know that it's true,  
Forever together with you...*

Habang kinakanta ang awiting iyon, si Angel ang nasa isip niya. Ini-imagine na lamang niya na nanonood ito sa kanya at isa ito sa mga fans niyang nakiki-jamming sa kanila.

“Yeah!” sigaw niya nang matapos ang kanta. “Thank you so much.”

Pagkatapos ng ilang kanta, natapos na rin ang kanyang concert for that night. Sobrang nakakapagod but very fulfilling. Natutuwa siya sa mga fans niya na todo ang suporta sa kanya. Hindi niya inakalang ganoon kainit ang magiging pagtanggap sa kanya ng mga tao kahit hindi niya ito kakilala. Noon lang niya na-appreciate ang pagiging celebrity niya.

Sa gitna ng kanyang autograph signing, biglang nag-ring ang kanyang cellphone. Si Angel ang tumatawag. Ipinagpaliban muna niya ang pag-sign sa cap ng isang fan niya. "Excuse me, I have to get this call." Tumayo siya at tumalikod.

"Gilly Fish! Kumusta ka na?" masayang bati sa kanya ng nobya.

"I'm doing great here in Thailand. The people are nicer and great."

"That's good to hear. By the way, I'm going home next month. Will you be still there in Asia by that time?"

"I'm not sure but maybe I can asked Harvey to extend our stay."

"Okay, good. See you soon, Gilly Fish."

"I love you, Weird Angel," pabulong na wika niya para hindi marinig ng mga nakapaligid sa kanya at para hindi na rin maging issue iyon.

"Love you, too," sagot naman nito bago binaba ang telepono.

*Now that's a total fulfillment!* Parang nawala ang lahat ng pagod niya nang marinig ang boses ng kanyang pinakamamahal. Hinarap niyang muli ang kanyang mga fans.

"**WHY** will you wait next month? Tell her to come home next week. You'll be having your concert in the Philippines on Friday," wika ni Harvey.

"Really? Wow, that's great!" napasigaw siya sa tuwa.

"That girl sure is lucky," napapailing na wika ng kanyang boss.



“No, I`m the one who`s lucky,” pagtatama niya.

“Well, whatever. As long as she has good effects on you and your career, then that`s alright.”

Pagkatapos ng kanilang pag-uusap, pinagpahinga na siya nito. Bago siya natulog, tinawagan niya ulit si Angel.

“Pupuntahan ko pa ang kumpanyang pinagtatrabahuan ni Daddy sa Amerika. May gagawing tribute daw sila para sa kanya.”

“Kailan naman daw iyon?”

“Sa makalawa. Bukas na nga ang flight ko. Hindi ako sigurado kung makakaalis ako agad but I`ll try. Kung hindi ako makakaabot sa concert mo, maybe we can meet the day after. Hindi naman siguro kayo aalis agad diyan, di ba?”

“I`m not sure but I`ll ask Harvey. I`ll call you again kung anong desisyon niya.” Bigla itong natahimik sa kabilang linya. “Is everything alright?”

“Yeah. Masaya lang ako kasi hindi mo ako kinakalimutan in spite sa hectic schedule mo.”

“Siyempre naman. Mahalaga ka sa akin, eh.”

“Sige na, magpahinga ka na diyan. Love you, Gilly Fish.”

“Love you, too.”

Nakatulog siya nang mahimbing pagkatapos ng kanilang pag-uusap. Pero hindi niya inakalang iyon na pala ang huli nilang pag-uusap ng kanyang kasintahan.

***One year later...***

**TAPOS** na ang kanyang Asian tour. Tapos na rin ang kanilang European tour. Nakabalik na siya sa Munich. Pero wala pa ring Angel na nagpaparamdam sa kanya. Hindi na ito tumatawag sa

kanya. Ni hindi na nga niya makontak ang cellphone number nito. Wala rin siyang contact number ng mommy nito. Para na siyang mababaliw sa kakaisip kung saan ito nagpunta at kung ano na ang ginagawa nito. Hindi naman kasi nito ugaling umalis nang hindi nagpapaalam sa kanya. Mas lalong hindi nito ugaling patayin o hayaang ma-empty ang battery ng cellphone nito dahil alam nitong anumang oras ay tatawag siya o ang ina nito.

Para siyang sirang plaka kakatanong nang paulit-ulit sa mga kasambahay niya kung ano ang huling binilin ni Angel bago ito umalis. O kung may napansin silang kakaiba rito o kung anumang pwedeng dahilan kung bakit hindi na ito nagpaparamdam sa kanya. Paulit-ulit din ang sagot ng mga katulong. Kung ano ang huling sinabi ni Angel sa kanya noong huling pag-uusap nila, iyon lang din ang sinabi nito sa mga ito.

*Angel, nasaan ka na ba?*

Ni hindi ito sumipot sa usapan nila. Hindi niya alam kung nakauwi nga ba ito ng Pilipinas o nasa Amerika pa. Talagang wala siyang ideya kung ano na ang nangyari sa nobya niya.

“Gil...”

Napalingon siya nang pumasok si Tal sa kanyang kwarto.

“Are you okay?”

Umiling siya. Sapò ng dalawang palad niya ang kanyang mukha. Tinapik-tapik ng kapatid ang kanyang likod.

“I have no idea where to look for her. I don't know what happened to her,” sumbong niya rito.

“I'm sure she had her own reasons. Don't worry, she'll be back...just like she used to do.”

May point din naman si Tal. Lagi namang bumabalik si Angel kapag umaalis ito. Pero ngayon lang talaga siya nakadama ng labis na pangungulila sa dalaga.

“Chill, bro! She`ll be back soon. I`m sure she`ll surprise us again,” kumbinsi nito sa kanya. Sa sinabing iyon ng kapatid, parang nabuhayan ulit siya nang loob. Tama. Mahilig manggulat si Angel. Siguradong may binabalak na naman ito. Bukas makalawa, bigla na lang itong susulpot at susurpresahin siya.

“I think I`m gonna write a song for her,” masiglang sagot niya. Napangiti naman ang kapatid.

Sa loob lamang ng isang oras, may nagawa na naman siyang isang kanta.

Mas hinabaan pa niya ang kanyang pasensya. Pero habang tumatagal, nawawalan na siya ng pag-asa na babalik pa si Angel sa buhay niya.

Sa kabila ng kanyang kalungkutan, naging maganda naman ang daloy ng kanyang career. Pumatok sa kanyang fans ang mga ginawa niyang kanta na halos ay may kinalaman sa kanyang nobya. Halos lahat na lang ng kanta niya ay para kay Angel. Minsan naisip niyang baka nagsasawa na ang mga fans niya. Pero anong magagawa niya? Iyon lang ang paraan upang mailabas niya ang kanyang nararamdaman.

“**KUMUSTA** na ang pasyente?” tanong ni Justin sa nurse na naka-assign nang mga oras na iyon sa babaeng iniligtas niya.

“Hindi pa rin po siya nagkakamalay, Dok. Isang taon na po siyang comatose,” sagot nito habang kinukunan ito ng blood pressure.

“Wala bang pumunta rito na naghahanap sa kanya?”

“Wala po.” Sunod naman nitong tiningnan ang dextrose.

“Ganoon ba? Sige na, ako nang bahala rito.”

Lumabas na ang nurse at iniwan siyang mag-isa. Naupo siya sa silyang malapit sa kama nito. Pinagmasdan niya ang mukha nito. Para itong anghel na mahimbing na natutulog sa harapan niya. Tingin niya’y teenager pa ito. Hinawakan niya ang kamay nito at kinausap.

“Kailan ka kaya magiging? Sana gumising ka na para marinig ko na ulit ang maganda mong boses...”

*“Ako? Uuwi ako ng Pilipinas para kumustahin ang mommy ko. Pero dadaanan ko muna ang boyfriend ko sa Maynila. May concert kasi siya roon kaya gusto niya umuwi ako agad para may chance pa na magkita kami.”*

*Natawa siya. “So, singer pala ang boyfriend mo?”*

*“Yup. Si Gil Ofarim. Don’t tell me hindi mo siya kilala?”*

*Umiling siya. “Sorry, wala kasi akong time para sa mga ganyan.”*

*“Well, siguro sobrang focused ka sa studies mo.”*

That was their last conversation bago ang isang malagim na aksidenteng nangyari sa kanila, hindi pa man nakakalapag sa airport ang eroplanong sinasakyan nila. Hindi niya alam kung paano niya nagawang iligtas ang sarili at ang katabi na nagpakilala sa kanya bilang Angel. Nasa isang isla na sila nang magising siya. She was bleeding that time at walang malay. He didn’t know na buntis pala ito at nalaglag ang bata nang araw na iyon.

“I’m sorry. Sorry kung hindi ko nailigtas ang baby mo—ang baby n’yo ng boyfriend mo.”

Humingi siya ng tulong sa mga mamayan doon. Sa awa ng Diyos naging mabait sa kanila ang mga ito. Pero lubhang malala ang kondisyon ng dalaga kaya dinala na niya ito sa kanilang ospital sa Maynila. Isang mahabang paliwanag ang kanyang ginawa sa harap ng kanyang mga

magulang. Pero binilinan niya ang mga ito na huwag ipagsasabi kahit kanino ang nangyari sa kanila at ang tungkol sa babaeng ito. Hindi siya ang klase ng taong makasarili pero may kung anong takot siyang naramdaman sa loob niya na baka mawala sa kanya ang anghel na ito. That`s why he kept her with him hanggang sa magising ito at gumaling.

“Sana mapatawad mo ako sa ginawa kong pagtago sa iyo. Pero kung sakaling may maghanap sa iyo, hindi kita ipagkakait sa kanila.” Hinagkan niya ang kamay nito bago siya lumabas. Nakasalubong niya ang bestfriend niyang si Clyde na isa ring doktor tulad niya sa lobby ng ospital. Niyaya siya nitong magkape sa cafeteria ng kanilang ospital.

“You know what, pare, simula nang makilala mo ang babaeng iyon, nagbago ka na,” walang pakiyeme-kiyemeng sabi nito sa kanya.

“Who?”

“Si Angel, iyong pasyente mo. Ngayon ka lang nagkaroon nang ganyan katinding malasakit sa isang pasyente lalo na sa isang babae. Naalala ko pa noong high school pa tayo...”

“People change, dude. You just can`t say na dahil lahat iyon sa kanya.”

“Pero may something talaga, eh,” hindi pa rin ito kumbinsido. Tapatin mo nga ako, “In love ka ba sa babaeng iyan?”

“What?” halos maibuga na niya ang kapeng iniinom sa kaharap.

“See? That reaction. In love ka nga sa kanya.”

“Don`t talk nonsense, bro.”

Tawa lang ang isinagot nito sa kanya. “Tell me I`m wrong when she wakes up,” dagdag pa nito.

## CHAPTER SEVEN

*Two years later...*

*I've been to many places, always searching for your love  
Between those thousand faces, it was you I was thinkin' of  
Then I tried to see you again  
Was too shy to talk you babe  
But if I could have a second chance  
I won't let you go  
Everytime I think of you I hope it's not too late  
Everytime I think of you I can hardly wait  
Everytime I think of you I hope it's not too late  
Everytime I think of you I can hardly wait  
To get to you*

**TUMULO** ang luha ni Gil habang tinutugtog ang huling kantang isinulat niya na kasali sa kanyang latest album. Muli na naman niyang naalala ang kasintahan. Huminto siya sa ginagawa.

*“Shall I wait for you? Kaya pa ba kitang hintayin? Babalik ka pa ba rito—sa buhay ko?”*

Pinahid niya ang kanyang mga luha at itinabi ang kanyang gitara. Pinagkaabalahan na lamang niyang basahin ang kanyang mga fan mails na halos gabundok na at nakatambak lahat sa kanyang kwarto.

*“Dear Gil,*

*I'm your avid fan from Philippines. I hope you are okay. God bless!*

*Best Regards,*

*Aiza*

Kahit papaano'y nakabawas sa kanyang kalungkutan ang pagbabasa niya ng kanyang mga fan mails. Natutuwa siya sa malaking suportang binibigay sa kanya ng kanyang mga fans.

Isang red envelope ang nakaagaw nang pansin sa kanya. Wala iyong address. Lalo siyang na-curious na basahin ang laman nito. Nanlaki ang kanyang mga mata nang makita ang penmanship nito. Bigla siyang kinabahan. Kilala niya ang penmanship na iyon.

*Hoy, Gilly Fish!*

*Kailan ka ba uuwi? Lagi ka na lang busy sa trabaho. Wala naman talaga akong planong magpadala ng fan mail sa iyo, eh. Kaso mukhang sa sobrang busy mo, hindi mo na ako magawang tawagan. Kaya naisipan ko sulatan ka na lang. Bakasakaling matanggap mo ito. Gusto ko lang namang sabihin sa iyo na umuwi ka na kasi miss na miss na kita.*

*Love you,*

*Angel*

The letter was dated five years ago. Iyon iyong mga panahong kaliwa't kanan ang pictorial at exposure niya tapos may autograph signing pa sa iba't ibang bahagi ng Germany kaya madalang na siyang nakakauwi sa bahay nila.

Lalo lang siyang nalungkot nang mabasa ang sulat nito. Sobrang nami-miss na niya ito.

**“WHAT?”** histeriyang tanong ng kanyang boss.

“I quit! I don't enjoy it anymore.”

“Just because that girl has left you?”

“Don’t drag her into this conversation,” nagpipigil sa galit na banta niya rito. Isa sa pinakaayaw niya ay ang iugnay ang dating kasintahan sa lahat ng mga nangyayari sa kanya kahit pa iyon naman ang totoo. “I quit because I can’t be like this anymore. I can’t work with you anymore. I’ve had enough being a teen idol,” aniya. At totoo rin iyon. Sawa na siyang maging teen idol dahil hindi naman niya na-enjoy ang pagiging teenager niya. He’s already in his twenties. It’s time for him to be independent—to do what he wanted...to do what he was supposed to do.

Matagal silang nagtalo sa loob ng opisina nito. Pilit siya nitong kinumbinsi. Ipinaliwanag nito sa kanya kung gaano kalaki ang mawawala sa kanya kung tatalikuran niya ang kasikatan. Pero wala siyang pakialam. Basta sawa na siyang maging sikat. Sawa na siyang hinahabol. Sawa na siyang mawalan ng panahon para sa sarili niya. May mas malaki pa bang kawalan sa kanya kaysa sa pagkawala ng babaeng minamahal niya?

“Fine,” sumusukong sabi ng kausap. “You’re free now.”

Para siyang isang presong nakalaya paglabas niya nang building na iyon. Ang gaan-gaan ng pakiramdam niya.

Pati si Tal ay umalis na rin sa kumpanya. Palagi na silang nasa bahay at ginagawa ang mga bagay na hindi nila nagagawa noong nasa tour sila. He enjoyed his freedom to the fullest kasama ang kanyang pamilya, kaibigan at mga aso. Mas madalas na silang mag-bonding ng kanyang ama at kapatid.

Sa kabila ng lahat, hindi pa rin nawala ang pagkahilig niya sa musika. Kapag wala siyang ibang ginagawa, nagsusulat pa rin siya ng kanta. Iyon nga lang, halos lahat ng iyon ay tungkol sa kanyang kalungkutan at pangungulila sa kasintahang bigla na lamang naglahong parang bula sa kanyang buhay. Lagi niya itong naaalala sa tuwing nag-iisa siya.



Isang araw ay nagpasya siyang hanapin ito.

“I’m going to Amerika,” paalam niya sa kanyang ama at kapatid. “I’ll go to the company where Uncle Mario previously worked, where she was the last time we talked on the phone.”

“But, Gil...It’s been years. Besides, if she wanted to come back here, she should have done so,” wika ni Tal.

“That’s why I want to find her. I want to ask her why didn’t she do so. I just want to clarify things with her,” halos maiiyak nang sagot niya.

Tinapik ng kanyang ama ang kanyang balikat. “Be careful,” wika lamang nito.

Napatingin siya rito at hindi makapaniwala. Talagang hindi siya nito binibigo sa pagsuporta sa mga desisyon niya. Niyakap niya ito.

The next day, lumipad na siya papuntang Amerika. He had to disguised himself para hindi makilala ng mga fans niya at masira ang kanyang plano. Hindi rin siya nagdala ng gitara. Higit sa lahat, pinaiklian din niya ang kanyang buhok.

Biglang umalingawngaw ang tinig ni Angel.

*Huwag na huwag mong paiiklian iyan, ha? Mababawasan ang pagkagusto ko sa iyo.*

Para naman siyang nakonsensya, pero huli na ang lahat. Naputol na niya iyon.

“YES, she was here three years ago,” sagot ng attendant na nakausap niya. “She attended her dad’s tribute. But she left as soon as the party was over. We didn’t know what happened to her after that.”

“Do you have any information about her dad?”

“I’m sorry, Sir, but I can’t provide you those information. They’re confidential and I don’t have the access,” malungkot na pahayag nito.

“Okay, thank you.”

Maliban sa nakumpirma niyang nagpunta nga roon si Angel, wala na siyang ibang impormasyong nakuha mula sa attendant ng kumpanyang iyon. Hindi niya alam kung saan na naman maghahanap.

Naglakad-lakad siya hanggang sa mapunta siya sa isang bar. Pumasok siya roon para uminom. Bahagyang natigilan ang bartender nang iabot nito ang alak na in-order niya. Sinenyasan niya itong huwag maingay. Palihim itong nag-abot ng notebook. Mukhang fan din pala niya iyon. Kinuha niya iyon at pinirmahan. Gumuhit ang labis na katuwaan sa mukha nito.

Nakailang shot na siya nang may lumapit sa kanyang isang magandang babae. Hindi na niya alam kung ano ang sumunod na nangyari. Basta`t nagising na lamang siya kinaumagahan sa isang hotel na hubo`t hubad.

“You were great last night.”

Napalingon siya sa nagsalita. Ang babaeng lumapit sa kanya kagabi. Katatapos lang nitong magbihis at humarap sa kanya.

“You can stay here until 5 PM. I`ve already paid for it. I have to go. Bye,” anito at lumabas na ng kwarto.

Sinuklay ng dalawang kamay niya ang kanyang buhok at bahagya itong sinabunutan. What had he done? Ni hindi niya kilala ang babaeng iyon.

Tumayo na siya para mag-shower. Habang nagbibihis, tiningnan niya ang kanyang wallet. Nagulat siya nang makitang wala nang lamang pera iyon.

“Shit!” napamura siya. Nilimas ng babae ang kanyang pitaka. Pati cellphone niya ay wala na rin. Pakiramdam niya`y gusto niyang pumatay ng tao nang mga oras na iyon. Mabuti na lang at memoryado niya ang cellphone number ni Tal na nasa Munich nang mga panahong iyon.

Tinawagan niya ito para puntahan siya. Nangako naman itong pupuntahan siya as soon as possible.

**SADYANG** hindi talaga niya maiwan-iwan ang musika. Mukhang iyon na nga ang kanyang buhay. Ilang linggo lang mula nang makabalik ng Munich, isang kumpanya ang nag-offer sa kanya ng isang recording contract at agad niya itong sinunggaban.

With his new look, marami ang hindi agad nakakilala sa kanya. Pare-pareho ang reaksyon ng kanyang mga fans—shocked. Marami ang nagtatanong kung bakit niya pinutol ang mahaba at maganda niyang buhok na siyang nagdadala ng lucky charm sa kanya. Nginingitian lamang niya ang mga iyon at sinasabing, “People change.”

Di naglaon, unti-unting natanggap ng mga tao ang kanyang bagong anyo: he`s already a grown up. Pero hindi sapat na fulfillment iyon para sa kanya. Hindi na siya nakatiis. Makalipas ang isang taon, bumuo siya ng bagong banda kasama ang kapatid niyang si Tal. This time, hindi na pop rock ang genre niya kundi rock. Matagal na niyang pangarap na magkaroon ng rock band katulad ng Metallica at Nirvana kaya nga lang naudlot iyon dahil sa pagiging teen idol niya. Now, he had all the chance para tuparin ang pangarap na iyon.

“Ladies and gentlemen, Zoo Army!”

Tulad ng suportang natanggap niya noong teen idol pa siya, naghiyawan din ang kanyang mga fans nang ituon sa kanya ang spotlight. Marahil karamihan sa mga naroon ay mga fans na niya noo. Ang iba mukhang mahilig lang talaga sa rock songs. Whichever it is, hindi na niya iyon masyadong inisip. Masaya siya sa tinatahak niyang landas ngayon.

*Taking my life into my own hands*

*Living my dreams and taking the chance*

*Walking my talk and making romance*

*Living my live today*

Nagkawayan pa ang mga ito at hindi na niya maawat ang hiyawan sa buong paligid  
Matapos ang rakrakan, naging solemn na ang aura ng stadium nang sumunod niyang kantahin  
ang Feel.

*Where are you now?*

*Where are you now?*

*I want to feel you now*

*Please show me how*

*And when our worlds collide*

*I'll be by your side*

*I want to feel you now*

“**DOK**, mawalang-galang na po, ha? Pero hindi pa rin po ba kayo sumusuko sa kanya? Six years  
na po siyang comatose...”

“Nadia,” sambit ni Justin sa pangalan ng matabil na nurse na nagbabantay kay Angel.

“Po?” tanong nito.

“Nakalimutan mo na ba kung ano ang sinumpaang mong tungkulin?”

“Hindi po, Dok. Sorry po,” hinging paumanhin nito na mukhang nakuha agad ang ibig  
niyang sabihin.

“Hayaan na lamang natin siya. Hindi pa naman siya sumusuko. Lumalaban pa siya para  
mabuhay,” kalmadong wika niya rito habang pinagmamasdan ang hitsura ng kanyang pasyente.

“Opo, Dok. Sige po. Maiwan ko po muna kayo.” Dali-dali itong lumabas ng silid. Lihim siyang natawa. Hindi pa rin pala nawala ang pagkaistrikto niya kahit ilang taon na rin ang lumipas mula nang gustuhin niyang magbago nang ugali.

“Angel, kailan mo ba balak gumising? Pwede bang gumising ka na? Sabik na sabik na akong makausap at makasama ka ulit. Alam mo, pinagtatawanan na nga ako ng mga kaibigan ko. Sabi nila kahibangan daw ang nararamdaman ko para sa iyo. Pero wala akong pakialam. Hindi pa rin ako sumusuko. Naniniwala pa rin akong balak araw magigising ka. Wala akong pakialam kahit gaano pa iyon katagal. Basta, hihintayin ko ang araw na iyon.”

Makalipas ang ilang minutong pakikipag-usap niya kay Angel kahit hindi ito sumasagot sa kanya, lumabas na siya. Naabutan niya ang mga nurse na parang may pinagkakaguluhan sa information desk habang nagbubulungan.

“Parang kamukha nga ng girlfriend ni Gil iyong babaeng inaalagaan ni Dok Justin. Angel din ang pangalan.”

“Ewan ko nga rin. Parang familiar talaga ang mukha nito...”

Lumapit siya sa mga ito.

“Ay, Dok! Kayo po pala,” gulat na wika ng head nurse na si Daisy. Natahimik at pumormal din ang iba pang kasama nito. Nahalata niyang may tinatago ang mga ito.

“Ano iyan?” matigas na tanong niya.

“Po? Ah, eh, wala po,” sagot nito.

“Akin na, patingin. Pag hindi n`yo binigay sa akin iyan, sisisantihin ko kayong lahat,” banta niya sa mga ito.

Kagat ang ibabang labi at nakayukong ibinigay ni Daisy sa kanya ang isang magazine kung saan naka-front page ang isang binata at sa tabi nito`y isa pang binata na mahaba ang buhok.

“Sino ito?” tanong niya. Ewan niya kung bakit pinakikialaman niya ang mga bagay na iyon na wala naman siyang kinalaman.

“S-si Gil po,” sagot ng isa pang nurse. “Siya po iyong sikat na singer noong 90`s.” Tiningnan niya ang pangalang nakalagay roon. “Gil Ofarim”

*“Yup. Si Gil Ofarim. Don` t tell me hindi mo siya kilala?”*

Bigla siyang natigilan at kinabahan. Binuklat niya ang laman ng magazine at binasa ang artikulong nakasulat tungkol dito.

*“The long-haired heartthrob was no more. What we have right now is a grown-up young man with short hair, full of determination and ready to rock your world. Why did he cut his hair? Does it still have a connection to his ‘ex-girlfriend’, who, as rumor has it, has just left him five years ago without his knowledge?”*

“Dok, okay lang po ba kayo?” untag sa kanya ng mga nurse.

“Yeah. Yeah,” sagot niya na bumalik sa kasalukuyan. Ibinalik niya sa mga ito ang magazine. “Sorry sa pakikialam ko. Excuse me,” at iniwan na ang mga ito.

Umuwi siya sa bahay nila. Dumiretso siya sa kanyang study room. Binuksan niya ang kanyang laptop at ni-research sa internet ang tungkol kay Gil Ofarim.

*“Gil Ofarim, a German singer and songwriter who became a teen pop idol during the 90`s. He has released several solo albums which became a hit in Germany, Asia and some part of Europe and Canada...”*

Nagpatuloy siya sa kanyang paghahanap. Para siyang baliw kakabukas sa iba't ibang blog na nakita niya na may nakasulat tungkol dito. May gusto siyang malaman. May gusto siyang kumpirmahin. Si Angel ba...? Totoo ba ang sinabi sa kanya ni Angel bago sila maaksidente?

Then he stopped at one blog article dated two years ago.

*"...Aside from Tal, his closest friend was Angel (who was also rumored to be his first girlfriend), daughter of Abi`s(his father) bestfriend. She used to help him write the lyrics of the songs he composed. In 1999, Angel went to US to attend a tribute for her late father. After that, she never came back. It was very hurting in his part, though he wouldn`t talk about it. But if you understand the lyrics of his songs, you`ll feel his loneliness and love for her..."*

Tiningnan niyang mabuti ang mukha ng babaeng kasama ni Gil sa larawan. Bigla siyang nawalan ng lakas. Tulala siya sa harap ng kanyang laptop. Sobrang dami ng katanungan sa kanyang isipan:

For six years, wala itong alam kung ano ang nangyari sa girlfriend nito? For six years, hindi man lang nito nagawang hanapin si Angel? Hindi rin ba nito alam na buntis ang kasintahan nang umuwi sa Pilipinas? What really happened?

Mas lalo lamang umigting ang kagustuhan niyang magising ang dalaga. Kailangan niyang malaman ang buong katotohanan. Kailangan niyang malaman kung dapat pa ba niya itong ibalik sa dating nobyo nito o pananatilihin ito sa tabi niya. Kailangan niyang malaman kung tama pa bang ipagpatuloy niya ang nararamdaman para rito.

*Angel, wake up!*

## CHAPTER EIGHT

*Four years later...*

MULING binisita ni Justin si Angel. Naabutan na naman niya roon si Nadia.

“Kawawa naman siya. Sampung taon na siyang nandito, wala man lang naghahanap sa kanya. Sana magising na siya, Dok, ano? Para naman maging masaya na kayo,” wika ni Nadia nang matapos na ito sa pag-check ng vital science nito.

*It's your love*

*Just does something to me*

*Sends a spark right through me*

*I can't get enough*

*And if you wonder*

*'Bout the spell I'm under...*

“Ay, teka lang po, Dok! Sasagutin ko lang ang tawag na `to. Maiwan ko muna kayo,” dali-daling paalam nito saka lumabas.

“Sige lang. Ako na ang bahala rito,” pahabol na sagot niya.

“Gil...Gil...”

“Angel?” gulat na tanong niya. Ilang beses siyang kumurap-kurap habang tinitingnan ang mga labi nito. Baka dinadaya lang siya ng kanyang pandinig. Bumuka ba talaga ang bibig nito?

“Gilly Fish...”

Ilang sandali pa`y gumalaw ang mga daliri nito at tuluyan na ngang bumuka ang mga mata nito.

“Angel, you`re awake!” Naluluha sa galak na niyakap niya ang dalaga.



“Sino ka?” tanong nito sa kanya. Marahan siyang kumalas. Tinitigan siya nito. “Doctor? Nasa ospital ako?”

“Wait, I’ll check on you, first,” aniya. He check on her. Mukhang maayos na ang lagay nito. Still, kailangan pa niya itong obserbahan.

“Teka, bakit ako nandito? Nasaan si Gil? Narinig ko ang boses niya. Andito siya kanina. Asan siya?” sunod-sunod na tanong nito.

“Shhh...Huwag mo munang pwersahin nag sarili mo. Maaalala mo rin ang lahat. Sa ngayon, kailangan mo munang magpalakas,” payo niya rito.

Pumikit ito na parang inaalala ang lahat ng nangyari sa buhay nito. Ilang sandali pa’y bigla na lang itong dumilat. “Dok, anong nangyari sa baby ko? Nasaan ang baby ko?” umiiyak na tanong nito.

Hindi siya agad nakasagot. Hindi niya alam kung paano sasabihin dito ang nangyari.

“Dok, nasaan ang baby ko?” nilakasan na nito ang boses.

“I’m sorry. Wala na ang baby mo. Nakunan ka,” nahihirapang sagot niya.

“Hindi!!!” Lalo itong pumalahaw ng iyak. “Ang baby ko...Ang baby namin ni Gil...”

Awang-awa siya rito kaya niyakap niya ito nang mahigpit. Napakapit naman ito sa braso niya.

“Tahan na...Please, tahan na.”

**KASALUKUYANG** nakatira si Angel sa mansion ng pamilya ni Justin, ang doktor na katabi niya noon sa eroplanong sinakyan niya pauwi sa Pilipinas at siya ring nagligtas sa kanyang buhay. Doon na muna siya nito pinanatili habang nagpapalakas pa siya. They agreed na walang

makakaalam sa tunay niyang pagkatao lalo na ang pagkakaugnay niya kay Gil. It`s for her security na rin daw.

Nakaupo siya malapit sa bintana at nakatanaw sa kawalan habang iniisip ang lahat ng mga nangyari sa kanya. Napaluha na naman siya nang maalala si Gil. Ten years...Ten years siyang na-comatose. Ten years siyang nawala sa buhay nito. Ni wala man lang itong alam sa nangyari sa kanya. Ni hindi nito alam kung nasaan siya. Siguradong masama ang loob nito sa kanya. Baka nga kinalimutan na siya nito. Anong karapatan niya ngayong bumalik sa buhay nito? O may babalikan pa ba siya? At paano niya sasabihin ang tungkol sa anak nila..ang anak nila na hindi niya iningatan?

“Gil, patawarin mo ako. Patawarin mo ako...”

Tatlong sunod-sunod na katok ang umantala sa kanyang pagmumuni. Dali-dali niyang pinahid ang kanyang mga luha.

“Bukas iyan,” wika niya. Humarap siya at inabangan kung sino ang papasok pero inexpect na niya na si Justin iyon. Bumukas ang pinto pero hindi si Justin ang pumasok. “Lenny, ikaw pala!”

“Pinabibigay po ni Sir Justin,” wika ng babaeng katulong na halos kasing-edad lang niya sabay lapag ng isang CD player sa study table na malapit sa kanyang kama. “Para daw po hindi kayo mabagot. May mga CD po dito na pwede n`yong pagpilian.”

Lumapit siya upang makita ang mga dinala nito. Natigilan siya nang makita ang mukha ng nasa cover ng CD. “Gil...”

“Sabi po ni Sir idol n`yo raw po siya kaya nag-download at nag-burn siya ng mga kanta ni Gil para sa inyo,” natutuwang sabi nito. Nakita niya ang pananabik sa hitsura nito.

“Idol mo rin siya?” tanong niya rito.

Ngumiti ito at kinilig. “Hindi ko lang po siya idol, Ma`am. Sobrang adik po ako sa kanya noon. Kahit hanggang ngayon nga po idol ko pa rin siya. Sobrang gwapo niya kasi.”

Napangiti siya. “Pareho pala tayo.”

“Sige na po. Pili na po kayo ng gusto n`yong i-play natin,” sabik na utos nito sa kanya.

“Pwede bang mamaya na lang?” hiling niya. Tila nalungkot naman ito. “Kwentuhan mo muna ako tungkol sa mga nangyari sa buhay ni Gil. Hindi na kasi ako naging updated sa kanya simula nang makoma ako.”

Bigla na lang umaliwalas ang mukha nito. “Sige po,” payag nito na abot-tenga ang ngiti.

Hindi pa man ito nagsisimulang magkwento ay may naisip siya. “Pwede rin naman nating gawing background ang music ni Gil. Ano sa tingin mo? Ikaw na ang mamili.”

Mabilis itong tumalima. “Simulan na lang po natin sa pinakaunang album ni Gil,” wika pa nito bago isinalang ang cd. At nagsimula na itong magkwento.

“...Hindi pa confirmed kung girlfriend ba niya si Angel or bestfriend lang kasi masyado na silang close noong una pa lang itong magbakasyon sa kanila...”

*Close? Natawa siya. Eh, parang aso`t pusa nga kami noon.*

“Bakit po? May mali ba sa sinabi ko?” takang tanong nito.

“Hindi, wala. May naalala lang ako,” aniya. “Tapos?”

“Iyon nga po. Sobrang nasaktan daw si Gil sa pag-alis ni Angel. Hindi na raw kasi ito nagparamdam sa kanya. Hinintay raw niya itong bumalik kaso hindi na ito nagpakita pa sa kanila...”

Napaiyak na naman siya.

“Naku, Ma`am! May nasabi po ba akong masama? Pasensya na po,” natatarantang paumanhin nito sa kanya.

“Wala. Pasensya ka na. Nadala lang ako sa kwento mo. Kawawa naman pala si Gil, ano?”

*Sometimes I don't like myself*

*And it's making me sad*

*Sometimes I don't want to go to*

*Where we first met*

“Iyan nga pong kantang iyan, sinulat daw po niya para kay Angel.”

Pinakinggan niya ang kanta.

*Sometimes I don't want to remember*

*All the things we've done*

*Cause sometimes when I do that*

*I get this pain inside*

*And I want to run*

“Tapos iyong iba pa niyang mga kanta kasama ang Zoo Army, tungkol din iyon kay Angel,” patuloy nito sa pagkukwento.

“Ganoon niya kamahal ito?”

“Siguro nga po...”

“Ah, sige na, Lenny. Bukas na lang ulit tayo magkwentuhan. Kailangan ko nang magpahinga. Ako na ang papatay niyan.” Nag-aalangan itong tumayo. “Pwede mong hiramín ang ibang CD kung gusto mo,” aniya na parang nahuhulaan ang iniisip nito.

Umaliwalas na naman ang mukha nito. “Naku, salamat po, Ma`am! Ibabalik ko po ito agad.” Pagkawika noo`y dinala nito ang isang cd bago lumabas.

*Where were you when I needed you*

*When I felt too bad*

*Where have you been in my darkest hours  
When I felt so sad that I could not be in your arms  
Sometimes I know it hurts  
Sometimes I feel deserted  
But where were you when I needed you*

Pagkasara na pagkasara ni Lenny ng pintuan, nag-unahan na naman sa pagbagsak ang kanyang mga luha habang pinapakinggan ang kantang iyon na ginawa raw ni Gil para sa kanya.

Mula nang araw na iyon, wala na siyang ginawa kundi ang makinig sa mga kanta ni Gil at sa mga kwento ni Lenny tungkol dito.

**MASAYA** si Justin na nagising si Angel subalit hindi niya inakalang masasaktan siya nang ganoon. Hindi lang para sa dalaga dahil sa masakit na karanasan nito sa buhay kundi para sa sarili niya. For the first time, ngayon lang siya umibig nang ganoon sa isang babae at nasaktan. Pero wala siyang karapatang itago ito habang-buhay o angkinin ang puso nito. She was never his but only God knows kung ibigay ba Nito ang dalaga sa kanya.

“That`s Sheila. She was Gil`s girlfriend for two years since 2007,” wika niya nang huminto ito sa pag-scan sa mga litrato ni Gil sa laptop niya at nakatitig lamang sa larawang iyon kung saan hinalikan ni Gil sa labi ang nobya nito.

Nakita niya ang pag-iba ng reaksyon nito. Ramdam niyang nasaktan ito. Pagkuwa`y ipinagpatuloy nito ang ginagawa.

Bumuntong-hininga siya. “Next month pupunta tayo ng Germany,” hindi na nakatiis na pahayag niya. Agad itong napalingon sa narinig.

“Anong sabi mo?” tanong nito.

“Hindi ko na kayang makita na patuloy kang nagkakaganyan. Pupunta tayo ng Germany para makita mo na si Gil,” nahihirapang sagot niya.

“Talaga?” maluha-luhang tanong nito sa tuwa.

Tumango lang siya.

Agad siya nitong nilapitan at niyakap nang mahigpit. Doon na siya napaiyak at napayakap din dito nang mahigpit. Pakiramdam niya`y iyon na ang una`t huling yakap na matitikman niya mula sa dalaga.

**BAGO** lumipad patungong Germany, nagpasya si Angel na lumuwas ng probinsya para dalawin ang kanyang ina. Muntik na niyang makalimutan ang tungkol dito dahil sa labis na pag-iisip kay Gil. Nagpumilit namang sumama si Justin kaya pumayag na siya. Ngunit isang masamang balita ang sumalubog sa kanya at muling yumanig sa kanyang pagkatao.

“Matagal nang patay ang mommy mo,” umiiyak na sabi ng kanyang Tita Fernanda, kapatid ng mommy niya. “Nagkasakit siya ilang araw pagkatapos sumabog ng eroplanong sinasakyan mo noon. Nasa airport kami nang araw na iyon at kitang-kita namin ang mga lasug-lasug na bahagi ng eroplano. Hindi natagpuan ang bangkay mo. Inakala naming lahat na patay ka na.”

“Tumawag po ba si Mommy sa mga kamag-anak ni Daddy sa Germany? Ipinaalam po ba niya ang tungkol sa nangyari sa akin?” tanong niya.

Umiling ito. “Nang araw ding iyon na-snatch ang bag ng mommy mo. Naroon ang cellphone at wallet niya. Hindi namin alam kung sino ang tatawagan sa side ng daddy mo.”

Mahigpit silang nagyakapang magtiyahin.

“Patawarin mo ako, Angel...”

“Wala po kayong kasalanan, Tita.”

“Maniwala ka, hindi kami tumigil nang pagtatanong sa mga pulis tungkol sa iyo. Pabalik-balik kami sa pinagyarihan ng pagsabog bakasakaling may balita na tungkol sa iyo...”

Marahang siyang kumalas dito. “Tahan na po. Andito na po ako. Wala na po kayong dapat ipag-alala.” Pagkuwa’y naalala niya si Justin. “Si Justin nga po pala. Isa rin siya sa mga pasahero noon. Siya po ang nagligtas ng buhay ko. Siya rin po ang doktor na nag-alaga sa akin nang ma-comatose ako,” mahabang introduction niya kay Justin.

“Naku, maraming salamat, hijo! Tatanawin kong malaking utang na loob ang pagkakaligtas mo sa pamangkin ko,” wika ng tiyahin niya.

“Wala pong anuman iyon,” tipid na sagot ng binata.

Nang mahimasmasan na sila pareho. Sinamahan siya nito sa puntod ng kanyang ina. Nakaalalay naman si Justin sa kanya.

*“Mommy, patawarin n`yo po ako kung ngayon ko lang kayo nadalaw. Patawarin n`yo po ako kung ako po ang naging dahilan ng pagkamatay ninyo. Patawad po. Sana po masaya kayong magkasama ni Daddy ngayon. Babalik po ako sa Germany sa makalawa. Pupuntahan ko po si Gil. Sana po gabayan n`yo ako sa kahihinatnan ng muling pagkikita namin. Tulungan n`yo po akong magpaliwanag sa kanya...”*

“I don` t think we should go to Germany,” biglang pahayag ni Justin nang halos tapos na siya sa pag-empake ng kanyang mga gamit. Napahinto siya sa kanyang ginagawa.

“What?” hindi makapaniwalang tanong niya.

“I think you should stay here...with me.”

“Justin, ano bang pinagsasabi mo?” tanong niya na nangingilid ang mga luha sa mga mata. “Kailangan kong pumunta ng Germany. Kailangan kong makita si Gil,” makaawa niya rito.

“Pero hindi ka na niya kailangan! Masaya na siya sa buhay niya ngayon. May sarili na siyang buhay.”

“Hindi totoo iyan! Kahit kailan hindi siya naging masaya nang mawala ako. Ramdam ko iyon sa mga kantang isinulat niya. Kailangan niya ako.”

“Angel, please...Huwag na tayong pumunta ng Germany.”

“Kung ayaw mong sumama, okay lang sa akin. Kaya kong pumunta nang mag-isa,” mariing saad niya.

Lumapit ito at hinawakan ang magkabilang-balikat niya. “Ayokong mawala ka sa akin. Angel, mahal kita. I fell in love with you ten years ago. Sampung taon kitang hinintay na magising para masabi ko sa iyo ang nararamdaman ko...” Umiiyak na ito sa harapan niya habang nagtatapat. Tiningnan niya ito direktso sa mga mata. Naroon ang senseridad sa sinabi nito.

“Justin, alam ko malaki ang utang na loob ko sa iyo pero hindi ko kayang turuan ang puso ko na mahal ka. Si Gil ang mahal ko. Siya lang ang una` t huling lalaking mamahalin ko.”



Natigilan ito. Kitang-kita niya ang pagdilim ng hitsura nito. Alam niyang nasaktan niya ito sa sinabi niya pero huli na para bawiin iyon. Mabuti na rin iyon, at least naging honest siya rito.

“Patawarin mo ako kung pinaasa kita nang mahigit sampung taon...”

Pinahid nito ang mga luha at tila nahimasmasan na. “Magpahinga ka na. Maaga pa ang flight natin bukas,” anito bago lumabas ng kanyang kwarto.

## CHAPTER NINE

**TULALA** at hindi makakilos—iyang ang reaksiyon ni Amanda nang makita siya sa tapat ng gate ng bahay nina Gil. Para itong nakakita ng multo nang pagbuksan siya nito.

“Hello, Amanda!” bati niya rito.

“Angel?” tanong nito nang makabawi. Hinawakan pa siya nito sa buong katawan upang masigurong siya talaga iyon. “It`s really you.”

“Yes, it`s me, Amanda,” maluha-luhang sagot niya. Niyakap siya ng matanda.

Kumalas ito sa kanya at tiningnang muli ang kanyang hitsura. “What happened to you? You`ve just disappeared,” ramdam niya ang pag-aalala sa tono nito.

“It`s a long story. Can we come in first?”

Tumingin ito sa likuran niya kung saan nakatayo si Justin. Nag-iba ang reaksiyon ng mukha nito.

“He`s my friend, Justin,” wika niya sa nagtatanong na tingin nito. “Justin, si Amanda. Siya ang nag-alaga sa akin noon dito,” wika naman niya kay Justin. Tumango lang ang matandang babae sa binata. Ngiti lang din ang isinagot ni Justin dito.

“Sir Abi is inside. I don`t know what his reaction will be when he sees you, but don`t worry. He`s kind as always. Besides, I got your back,” saad nito nang papasukin sila.

Kinakabahan siyang pumasok sa loob habang nakasunod sa kanya si Justin. Sinuyod niya nang tingin ang lugar mula sa labas. Naroon pa rin ang lawn na dati nilang pinaglalaruan noon

kahit mas lumaki na ang bahay. Mas gumanda na rin ang basketball court na dating nilalaruan nina Gil at Tal kasama nina Lauro at iba pa.

“Sir, you have a visitor,” wika ni Amanda sa amo na noo’y umiinom ng kape habang nagbabasa ng diyaryo. Umangat ang tingin nito at dumako sa kanya. Ganoon na lang ang pagkagulat nito nang mapagsino siya.

“Angel?”

“Uncle...”

Tumayo ang matanda at inilapag ang binabasa nitong diyaryo. He stretched his arms open. “Come here,” utos nito sa kanya.

She flew into his armas at sabik na niyakap ang kanyang naging ama-amahan noon. Pareho silang umiiyak habang mahigpit na niyakap ang isa’t isa.

“I thought you were dead,” wika nito nang kumalas sa kanya. Nalilitong tinitigan niya ito. “Hinanap ka ni Gil sa Amerika pero wala siyang nakuhang impormasyon tungkol sa iyo. So, I hired a private investigator to track you down. I found out you were on that plane...”

“Hindi n’yo po sinabi kay Gil?”

Umiling ito. “Not unless I find your body. I was always looking forward to this day.”

“Oh, Uncle...” muli niya itong niyakap.

“Ang he is...?” tanong nito nang mapansin si Justin na nakatayo roon.

Kumalas siya rito. “Justin. He’s my savior,” sagot niya. Ipinakilala niya ang dalawa sa isa’t isa. Pinaupo sila ni Abi at ipinaghanda ng meryenda habang pinag-uusapan ang lahat ng nangyari sa kanya. Sinabi rin niya rito ang sakripisyong ginawa ni Justin para sa kanya, ang hindi nito pagsuko sa kanya sa loob nang sampung taon hanggang sa magising siya. Ipinagtapat niya rito ang lahat. Lahat maliban sa isa—ang tungkol sa baby nila ni Gil. Ni hindi nga niya alam kung paano sasabihin dito na may nangyari sa kanila ni Gil. Saka na lang siguro. Hahanap muna siya nang tamang pagkakataon.

“Excuse me, Sir. I think I should go first,” maya-maya’y paalam ni Justin.

“Saan ka pupunta?” tanong niya rito.

“I reserved a room in the nearby hotel. I think I’m gonna stay there for the meantime.”

“Why, you can stay here,” alok ni Abi.

“No, thank you. It’s okay,” magalang na tanggi ng binata.

“Sigurado ka?” tanong naman niya.

“Yeah.” Pagkuwa’y umalis na ito.

Muli niyang binalingan ang kanyang uncle. “Uncle, I don’t know how to face Gil now. I’m afraid he won’t understand...”

“It’s not your fault. Gil will understand, but...”

“But?” Napalingon siya sa kanyang likuran kung saan nakatingin si Abi. Nakita niya ang isang binata na pamilyar na pamilyar sa kanya ang mukha. Kahit maikli na ang buhok nito at

nababalutan ng makakapal na balbas at bigote ang mukha nito, kilalang-kilala pa rin niya kung sino iyon. Papasok ito at may kasamang babae.

Ang masayang tawanan nila ng babaeng kasama nito ay biglang natigil nang magkaharap sila. Matagal silang nagkatitigan. Puno ng pagkabigla, katanungan, pagkalito (at galit?) ang mga mata nito. Palipat-lipat naman nang tingin ang babae sa kanilang dalawa.

Si Gil ang unang bumawi nang tingin nito. “Hallo, Vater (*Hello, Father*)!” bati nito sa ama sabay halik sa pisngi. Nilagpasan lang siya nito na parang wala siya roon.

“Hallo, Onkel (*Hello, Uncle*),” bati naman ng kasama nitong babae sa kanyang Tito Abi. Tulad ni Gil, nilagpasan lang din siya nito.

“Wir wussten nicht, Sie haben einen Besucher. Wir Sie in Ruhe lassen,” wika ni Gil.

Sa tagal niyang na-comatose, hindi na niya maalala ang mga pinag-aralan niyang German words na tinuro nito sa kanya noon kaya hindi niya naintindihan ang sinabi nito.

“Hillary, this is Angel,” pakilala ni Abi sa kanya kay Hillary bago pa man ito tumalikod kasama ni Gil. Ganoon din ang ginawa nito kay Hillary. “Angel, this is Hillary.”

“Hi!” magkasabay na bati nila sa isa’t isa.

“We’ll be at the pool,” wika ni Gil sabay akbay sa babae. Pagkuwa’y lumabas na ang mga ito.

Nasaktan siya. Nasaktan siya sa pambabalewala ni Gil sa kanya. Mas masakit pa pala iyon kaysa inaasahan niya. Kasi inasahan niyang magagalit ito sa kanya at susumbatan siya. Mas

matatanggap pa niya iyon. Pero ang harap-harapan siyang balewalain nito sa harap ng daddy nito at sa babaeng iyon na malamang sa hindi ay girlfriend nito.

“That`s what I`m about to say awhile ago,” muling nagsalita si Abi. “Things have changed since you left. You knew how much he loved you. He`s been miserable and hurt even if he didn`t want to show it...But that`s before he met Hillary last year. He`s been doing fine since then...and he`s happy now.”

Ilang sandali rin siyang hindi nakasagot. “I know it hurts but who am I to take away his happiness,” tila nahihirapang wika niya. “After I talk to him and explain to him what has happened to me...perhaps, we can formally have a closure,” hirap siyang isatinig ang mga huling katagang iyon.

**TULALA** si Gil habang nakaupo sa poolside chair kasama ang girlfriend na si Hillary.

“Gil, are you okay?” tanong nito sa kanya. Napalingon siya rito.

“Huh?”

“You seem so bothered. You know that Angel?”

Hindi siya agad nakasagot. Inaalisa pa ng sistema niya kung totoo ba ang nakita niya kanina. Si Angel ba talaga iyon?

“Gil?”

Umayos siya nang upo paharap dito. “That was Angel,” mahinang sagot niya directly into her eyes, “the one I was telling to you about.”

“The one who left you ten years ago?” hindi makapaniwalang tanong nito na napaayos din sa pagkakaupo. “But why is she here?” tila nag-aalalang tanong nito.

“I don`t know. I don`t wanna know.”

“You know what? You should talk to her.”

Bago pa man siya makapagprotesta, dumating si Angel at lumapit sa kanya.

“Can I talk to you?” tanong nito sa kanya. Pagkuwa`y bigla itong bumaling kay Hillary. “I hope you don`t mind.”

“No. Of course not.” Tumayo ito at humalik sa labi niya. Nakita niya ang pag-iwas ng tingin ni Angel. “I`ll wait for you in the living room.”

“Okay,” sagot niya rito. Muli niyang inayos ang pagkakaupo. “You can sit if you want,” malamig na alok niya. Naupo ito sa dating inupuan ni Hillary.

“Pagkatapos ng tribute kay Daddy, bumili agad ako ng ticket at nagpa-book ng flight papuntang Pilipinas. The soonest fligh I got was on Thursday, a day before your concert. Sabik na sabik ako noon kasi makikita ko na ulit si Gilly Fish...”

“Don`t...mention that name,” agad na bara niya rito. Nabigla naman ito sa reaksyon niya —nasaktan.

“Hindi kita tinawagan kasi gusto kitang sorpresahin. Pero...pero...” Nagsimula itong humikbi at nahihirapang ituloy ang sasabihin. “Sumabog ang eroplanong sinasakyan ko nang papalapit na kami sa airport...” Tuluyan na itong napaiyak. Napatayo naman siya sa kanyang kinauupuan. “Iniligtas ako ng lalaking katabi ko sa upuan na isa palang doktor. Siya ang sumagip

sa buhay ko. Sampung taon akong nasa ospital—comatose. At ang tanging taong hindi sumuko sa akin ay ang mismong doktor na iyon. Sampung taon niya akong inalagaan at hinintay na magising.”

Hindi niya alam ang sasabihin. Hindi niya alam ang magiging reaksyon niya. Tila nanghina ang kanyang mga tuhod kaya muli siyang napaupo.

“Sa loob ng sampung taon na iyon, hindi man lang kami pinaalam ng mommy mo?”

“Wala na si Mommy...”

Napatitig siya rito. Naramdaman niya ang matinding paghihirap sa kalooban nito—katulad noong mamatay ang lola at ama nito. Gustong-gusto na niya itong yakapin nang mga sandaling iyon ngunit pinigilan niya ang kanyang sarili.

“Namatay siya ilang araw pagkatapos ng aksidenteng iyon dahil nagkasakit siy. Hindi siya nakatawag sa inyo dahil ninakaw ang kanyang bag na naglalaman ng kanyang cellphone at iba pang mahahalagang gamit. Hindi rin alam ng mga kamag-anak namin kung paano kokontakin ang mga kamag-anak ni Daddy.”

Nakagat niya ang pang-ibabang labi upang pigilan ang pagpatak ng luhanang namumuo sa kanyang mga mata pero hindi naging sapat iyon. Tuluyan na siyang napaiyak. “I tried to find you...Pumunta ako ng Amerika para hanapin ka...”

“Alam ko. Sinabi sa akin ng daddy mo.”

“Sa loob ng sampung taon wala kaming balita sa inyo.”

“Gil, patawarin mo ako. Patawarin mo ako...”



Umiling siya. “Wala kang kasalanan sa nangyari.”

Ito naman ang umiling ito. “Meron ka pang dapat malaman.”

Napatingin siya rito. “Ano iyon?” kinakabahang tanong niya.

“Buntis ako nang mga panahong iyon. Nagbunga ang isang gabing nangyari sa atin bago ka umalis...”

Shocked siya. “Nasaan...nasaan ang anak natin?” may halong pananabik na tanong niya.

“Wala na siya. I was bleeding nang matagpuan ako ni Justin. Nang dalhin niya ako sa Maynila, doon niya nalamang buntis pala ako.”

Sapo niya ang kanyang mukha ng dalawang palad at umiiyak na sa sobrang galit—hindi sa dalaga kundi sa kanyang sarili.

“Gil, patawarin mo ako. Hindi ko sinasadya. Hindi ko sinasadya.” Patuloy pa rin ito sa pag-iyak habang humihingi nang tawad sa kanya.

“Ahhhh....” impit na sigaw niya. Hindi na siya pumalag nang yakapin siya nito. Nakuyom niya ang kanyang kamao at labis na nagtatangis. Gusto niyang sumabog nang mga sandaling iyon. Gusto niyang sumabog sa sobrang sakit ng nararamdaman niya.

**ISANG** linggo na si Angel sa bahay nina Gil. Sa dating guest room siya natutulog. Hanggang ngayo’y tuliro pa rin ang isip niya. Hindi niya alam kung ano ang kahihinatnan ng pagtatapat niyang iyon. Will it change anything? Hindi pa rin siya kinakausap ni Gil simula nang huling pag-uusap nila. Hindi na ito umuwi ng bahay mula noon. Busy raw ito sa bago na naman nitong

banda, ayon sa mga katulong. O sadya kayang ayaw siya nitong makita kaya hindi na ito umuuwi roon?

“Angel!” napalingon siya nang may tumawag sa pangalan niya habang nagdidilig siya ng mga halaman. Isang lalaking pamilyar din sa kanya ang mukha at tulad ni Gil, puno rin ito ng balbas at bigote, ang nakangiting lumapit sa kanya. “Remember me?”

“Tal?” hindi makapaniwalang tanong niya. Ininspeksyon niya ito. “Tal, ikaw nga!”

Binitawan niya ang hose at mahigpit itong niyakap. Pero mas mahigpit ang pagkakayakap ng binatang naging bunsong kapatid niya noon at hanggang ngayon. Kumalas ito sa kanya.

“How are you? You look terrible,” kanyaw nito sa kanya.

“Okay lang ako. Medyo marami lang iniisip,” sagot niya. Siguro naman nakakaintindi pa rin ito ng Tagalog hanggang ngayon.

“Huwag kang maraming iniisip. Nakakatanda iyon,” anito. See? Marunong pa rin itong mag-Tagalog after ten years. At hindi pa rin ito nagbabago ng ugali. Akala niya `y magagalit din ito sa kanya. Iyon pala `y matutuwa pa ito sa pagbabalik niya.

Tumawa siya. “Alam mo, palabiro ka pa rin.”

Bigla siya nitong inakbayan at dinala sa loob ng bahay. “You know what? I come here especially because of you. Dress up now because we`re going out.”

“Eh? Saan naman?”

“We`re going to have a double date.”

Inalis niya ang kamay nito at hinarap ito. “Double date? Naku! Ikaw, ha? Huwag mo akong pinagloloko! Baka kung sino na naman iyang ipapa-date mo sa akin,” banta niya rito.

“Don` t worry, he`s a nice person,” paniniguro nito sa kanya.

Umakyat na siya sa kanyang kwarto. Pumili siya ng damit panlakad, inayos ang sarili sa salamin at bumaba na kung saan naghihintay si Tal sa kanya. Wala siyang ideya kung saan siya dadalhin nito. Somehow, nae-excite siya. Pumasok sila sa isang restaurant at lumapit sa table kung saan naroon ang isang babae at isang lalaking kilala niya.

“Justin?”

“Surprise!” wika naman ni Tal.

“Magkakilala kayo?” takang tanong niya rito.

“Well, yes. Since two hours ago,” nakangiting sagot ni Tal. Humalik ito sa pisngi ng babaeng kaharap ni Justin. “By the way, this is Tina, my girlfriend. Tina, this is Angel,” pakilala nito sa kanilang dalawa ng babae sa isa` t isa.

“Nice to meet you,” wika niya.

“You, too,” sagot naman nito.

Naupo na sila at um-order ng pagkain.

“How did you, two, meet?” tanong niya kina Tal at Justin. Sinadya niyang mag-Ingles para naman hindi ma-OP ang girlfriend nito.

“I saw you, two, going out together the other day. Then when I saw Justin two hours ago at a convenience store, I approached him...and poof! Here we are,” patawang sagot nito.

Mahina silang nagkatawanan. Nagyaya nga pala si Justin sa kanya noong isang araw na lumabas sila upang magkwento siya tungkol sa nangyari sa pag-uusap nila ni Gil. Medyo nagtampo ito sa kanya dahil hindi niya agad ito tinawagan kaya nag-alala ito nang husto sa kanya. Ito na lang ang tumawag.

“So, Justin, how are you with Angel?” tanong ni Tal kay Justin.

Pareho silang natigilan ng huli. Pinukol naman niya ng matalim na tingin ang bunsong kapatid ni Gil.

Ngumiti si Justin sa kanya bago sumagot kay Tal. “Good. She`s a good friend.”

“Indeed, she is,” sang-ayon ni Tal. Hindi niya alam kung anong binabalak ng mokong na ito pero kung ano man iyon, sisiguraduhin niyang hindi siya maiipit.

“So, Tina, how is Tal being your boyfriend?” tanong niya kay Tina para maiba ang topic.

“He`s great. Sometimes a jerk yet very sweet,” sagot nito.

“See? I`m a good boy, you know,” pagmamayabang ni Tal sa kanya.

Nagkatawanan ulit sila.

Pagkatapos nilang kumain, tumayo na sila. Nasa labas na sila ng restaurant nang masalubong nila sina Gil at Hillary. Nagpalinga-linga pa siya sa paligid. Wala siyang nakitang mga fans na nagsulputan.

“Hey, guys!” bati ni Gil sa kanila na kay Tal lang naman nakatingin.

“Gil, you haven` t meet Justin, have you? Angel`s hero,” pakilala ni Tal kay Justin sa bagong dating.

Matiim na tumitig si Gil kay Justin bago nagsalita. “Nice to meet you, man. Thanks for saving her life,” sa wakas ay wika nito na inalok pa ang kanang kamay.

Tinanggap iyon ni Justin. “Nice to meet you, too,” sagot nito. “And don` t mention it.”

Akala niya` y kanya-kanya na sila nang uwi, hindi pa pala. Nagyaya si Gil na mag-bowling silang anim. Game na game naman si Tal na panay ang kumbinsi sa kanya. Hindi na rin nakatanggi si Justin kaya napilitan siyang sumama kahit nailang siya.

By pair ang labanan. Sila ni Justin ang magkakampi. Dahil hindi siya marunong mag-bowling, tinuruan siya nito kung paano ang tamang paghawak ng bola. Ewan niya kung guni-guni lang niya iyon ngunit sa tuwing napapasulyap siya kay Gil ay masama ang tingin nito sa kanilang dalawa. Nagseselos ba ito? O naiinsulto? Hindi niya sigurado. Pero kasalanan ba niya kung hindi talaga siya marunong maglaro no` n? Ito naman ang nagyaya. Ni hindi nga nila tinanong sa kanya kung marunong ba siya.

*“Hmp! Magalit ka kung gusto mo. Magselos ka para mahiwalay na kayo ng girlfriend mo. Ilang araw mo akong hindi kinausap tapos ngayon titingnan mo ako nang masama na para bang ang landi-landi ko? Boyfriend ba kita, ha?”*

“Hoy, sinong kausap mo?”

Napalingon siya nang marinig ang boses ni Gil.

“Sarili ko lang. Bakit?” sagot niya.

“Wala. Sige lang. Ipagpatuloy mo iyan. Para ka nang baliw mamaya,” asar nito sa kanya bago tumalikod.

Naningkit ang kanyang mga mata at lumalim ang pagkakunot ng kanyang noo.

“Hindi ako baliw!” sigaw niya rito.

## CHAPTER TEN

“**SABAY** ka na sa amin. Ihahatid ko lang si Hillary tapos uwi na ako sa bahay,” alok ni Gil sa kanya. No, it seemed like an order.

“Ako nang maghahatid sa kanya,” agad na salo ni Justin.

Nahuli na naman niya ang pagdilim ng mukha ni Gil. “Okay, fine. See you later.” Sumakay na ito ng sariling kotse at sumibad. Nagpaalam na rin sina Tal at Tina sa kanila bago umalis. Imbes na pumara ng taxi, mas pinili niyang maglakad lang sila ni Justin.

“Hindi pa rin ba kayo nag-uusap?” tanong nito sa kanya. Alam niyang si Gil ang tinutukoy nito.

Umiling siya. “I’ll just give him some time para ma-absorb niya ang mga nangyari.”

“Eh, anong plano mo?”

“Maghintay.”

“Hanggang kailan ka maghihintay?”

“Kung gaano mo ako katagal hinintay na magising, ganoon din katagal ang hihintayin ko para magkaayos kami ni Gil. O baka mas higit pa.”

“Umaasa ka pa rin bang magkakabalikan kayo?”

“Sa nakita kong kalagayan niya ngayon kasama ang girlfriend niya? Malabo na yata iyon. But who knows? Baka nga kami pa rin sa huli.”

“O baka naman may ibang taong nakalaan talaga para sa iyo,” pasaring nito.

Ilang segundo rin siyang nakatitig sa mga mata nito bago nakasagot. “Ewan. Depende na lang siguro iyon sa mangyayari sa mga susunod na araw. At the end of the day, puso ko pa rin naman ang mamimili kung kanino ito titibok.”

“Kunsabagay...”

Hindi pa man sila nakakalapit sa tapat ng gate, natanaw na niya ang anyo ni Gil na nakatayo sa labas nito. Madilim na naman ang anyo nito.

Binati ito ni Justin nang makalapit na sila. “Angel, mauna na ako,” paalam ng binata sa kanya. “Pare, una na ako.” Tumango lang si Gil.

“Sige, Justin! Maraming salamat sa paghatid,” aniya sa binata bago ito tumalikod at naglakad pabalik.

“Bakit ang tagal n`yong nakauwi?” tanong ni Gil sa kanya.

“Obvious ba? Naglakad lang kami,” pilosopong sagot niya na nilagpasan ito at pumasok sa loob.

“Hoy, kinakausap pa kita! Huwag mo akong talikuran,” tawag nito sa kanya na nakasunod sa kanyang likuran.

Kunot-noo siyang huminto sa sala at hinarap ito. “Ano bang problema mo, ha?” *Ilang araw kang hindi nagpakita sa akin tapos ngayong makikipag-usap ka sa akin parang isang malaking kasalanan ang pagsama ko kay Justin?*

“Wala,” sagot nito na biglang naging maamo. “Masama bang magtanong?”

“Hindi,” sagot niya sabay talikod at umakyat na. Sumunod pa rin ito sa kanya.



“Saan ba kayo nagpunta, ha? Bakit parang sobrang layo naman ng nilakad n`yo?” iyon pa rin nag tanong nito.

Napahinto siya sa tapat ng pinto ng kanyang kwarto at hinarap itong muli. “Bakit ba ang dami mong tanong? Wala kaming ginagawang masama, okay?” naiiritang sagot niya rito.

“Naniniguro lang,” mahinang saad nito.

“Tapatin mo nga ako. Nagseselos ka ba kay Justin?” hindi na nakatiis na tanong niya. Hindi ito nakasagot agad. “Kanina pa masama ang tingin mo sa aming dalawa, eh. Ano ba talagang problema mo sa kanya?”

“Hindi ko siya gusto para sa iyo,” sagot nito.

“Why? Mabait naman siya. Gwapo. Mayaman. And don` t forget, he`s my savior,” aniya na sinadyang palabasin na parang may gusto siya kay Justin.

“Basta hindi ko siya gusto para sa iyo!” wika nito na medyo lumakas ang boses.

Natigilan siya. *Selos ka nga!* Napatitig siya sa mukha nito. Napatitig din ito sa kanya. Nagsalubong ang kanilang mga titig. Maya-maya`y ngumiti siya. “I miss you, Gilly Fish,” wika niya sabay pisil sa pisngi nito. Pagkuwa`y pumasok na siya sa kanyang kwarto at isinara iyon.

Napasandal siya sa pintuan habang malayang umaagos ang kanyang mga luha. Nakagat niya ang ibabang labi upang hindi makalikha ng ingay. Ramdam niyang hindi pa umaalis si Gil sa tapat ng kanyang pinto.

Mula nang araw na iyon, tila maayos na ang pakikitungo ni Gil sa kanya. Nakakapag-usap na sila tulad ng dati—as a friend. Hindi niya ito narinig na bumanggit ng kahit ano tungkol

sa pagkawala niya, ang naging buhay nito ten years ago, o kahit na anong may kaugnayan dito. Iba ang pinag-uusapan nila kapag umuuwi ito. Madalas mga mabababaw na bagay na pwede nilang mapagtatalunan. Hindi nawalan doon ang pagiging unreasonably overprotective nito sa kanya laban kay Justin.

**WALA** siyang magawa kaya minabuti na lamang niyang makinig ng mga kanta ni Gil noong panahong nakoma siya.

*Lost my faith, have to hide*

*A sea of tears i've cried*

*I thought i could never live without you*

*But this turned out to be untrue*

*I've made a better choice*

*I can hear your cold voice fading*

*And i am fading*

*Living like a new man*

*New face and new name*

*Surviving as best i can*

*Ripping pictures forgetting your lectures*

*Living like a new man*

*With no fear no shame*

*No need for me to explain*

*Ripping pictures forgetting your lectures*

Napaluha na naman siya. Pinagsisihan niya tuloy kung bakit pa siya nakinig. Habang pinapakinggan niya ang kanta, pakiramdam niya'y sinusumbatan siya ni Gil. Biglang sumikip ang kanyang dibdib sa sakit. Hindi na kailangang isumbat nang harapan sa kanya ni Gil ang lahat. Sa kanta pa lang nito, ramdam na niya ang hirap na pinagdaanan nito nang mga panahong iyon.

“Bakit para kang namatayan diyan?” untag ni Gil sa pag-eemote niya. Bigla na lamang itong pumasok sa kanyang kwarto.

Agad niyang pinatay ang player at pinahid ang kanyang mga luha. “Wala,” pagsisinungaling niya.

“Asus! Emotera,” kanyaw nito sa kanya.

“Gil, pinapatawad mo na ba ako?” seryosong tanong niya rito.

“Wala ka namang kasalanan, bakit kita patatawarin?”

“Pero nasaktan pa rin kita...”

“Tama na. Ayoko nang pag-usapan ang tungkol diyan. Sige na, magbihis ka na,” wika nito nang mailapag ang dalang kahon na noon lang niya napansin.

“Teka, bakit parang bihis na bihis ka? At saka ano ito?” tanong niya nang mapansin ang suot nitong tuxedo.

“Nakalimutan mo yatang engagement party ngayon nina Tal at Tina?” paalala nito sa kanya.

Bigla na lang siyang napalundag mula sa kanyang kama. “Naku! Oo nga pala! Shocks. Hindi ko pa naihahanda ang isusuot ko,” natatarantang sagot niya.

“Iyan ang isuot mo ngayong gabi,” wika nito.

Natigilan siya. Lumapit siya sa box at binuksan iyon. Tumambad sa kanya ang isang purple dress. Nang kunin niya ito mula sa box, isang napakagarang evening gown pala iyon na may kakaibang disenyo.

“Bilisan mo nang magbihis. Late na tayo,” utos nito at lumabas na para makapagbihis na siya.

Mabilis niyang isinuot iyon at inayusan nang konti ang sarili. Ilang beses niyang sinipat ang sarili sa harap ng salamin. Nagpaikot-ikot siya hanggang sa ma-satisfy na siya sa kanyang hitsura. Bumaba na siya.

Napaawang ang bibig ni Gil nang makita kung gaano siya kaganda sa damit na iyon.

“Laway mo,” biro niya rito.

Para naman itong natauhan sa ginawa niya.

“Wow, Angel! You look so gorgeous!” puri ni Amanda nang lumabas mula sa kusina.

“Thanks, Amanda.”

“You look hot,” puri naman ni Gil sa kanya.

“Tseh!” irap niya. “Tayo na nga,” at nauna na siyang lumabas.

Napasunod ito sa kanya. “Ang daya mo talaga. Kay Amanda, thanks. Sa akin, tseh?”

“Tayo na nga,” utos niya rito.

Kasisimula pa lang ng party nang dumating sila pero late pa rin kaya naman sila ang naging sentro ng atensyon pagpasok nila. Malalagkit na tingin at bulung-bulungan ang sumalubong sa kanila habang papunta sila sa kanilang table. Siguro nagtataka ang lahat kung bakit siya at hindi ang girlfriend nitong si Hillary ang kasama ni Gil. Hindi rin niya sigurado kung alam na ba ng mga itong siya si Angel, ang dating nobya nito na nawala nang sampung taon. Whatever. Wala siyang pakialam sa sasabihin ng mga ito.

Kumunot ang noo niya nang makita roon si Hillary na nakaupo katabi ni Justin sa table na nakalaan din para sa kanila ni Gil. So, nauna na pala ito? Or si Justin ang sumundo dito? Nalilito siya. Gusto sana niyang tanungin si Justin ngunit nagsimula nang magsalita ang host.

Hindi niya napagtuunan nang pansin ang mga nangyayari sa party. Okupado ang isipan niya ng mga nilalang na kasama niya sa mesang iyon. Pakiramdam niya parang may mali. Bakit si Justin ang madalas na kinakausap ni Hillary imbes na si Gil? Bakit si Gil ang katabi niya? Bakit sobrang bait ni Gil kay Justin, eh, di ba hindi nito gusto ang huli?

“Can I dance with you?” tanong ni Gil na siyang nagpabalik sa kanya sa kasalukuyan. See? Hindi na nga niya namalayang nagkakasayawan na pala sa paligid niya. Ang layo ng nilipad ng kanyang isip.

Napatitig siya rito bago sumagot, “Sure.”

“Okay ka lang ba?” tanong nito habang nagsasayaw sila.

“Bakit hindi si Hillary ang isinayaw mo?” kunot-noong tanong naman niya.

“Bakit, ayaw mo bang isayaw kita?”

“Huwag mo ngang sagutin ng tanong ang tanong ko,” inis na wika niya rito.

“Sino ba sa atin ang nauna?” parang batang sumbat nito sa kanya.

Hindi na siya nagsalita pa. Hinayaan na lamang niya ang sarili sa piling ni Gil nang mga sandaling iyon. Ito nama’y titig na titig sa kanya. Pakiramdam niya’y matutunaw na siya dahil sa mga titig nito.

“Kinaya ko ang sampung taon na nawala ka sa akin. Pero mas mahirap pala ang ilang sandaling kapiling kita,” mahinang wika nito

“Anong ibig mong sabihin?” nalilitong tanong niya.

“Ngayong nagbalik ka, mas lalo akong nahihirapan. Mas lalo akong natatakot. Natatakot na baka mawala ka na ulit sa akin.”

“Gil, bakit mo sinasabi sa akin ang mga bagay na iyan? Lalo lang akong nalilito.” Napatingin siya sa paligid. Konti lang ang nakapansin sa kanila. Tiningnan niya si Hillary na kasayaw ni Justin nang mga sandaling iyon. Hindi ito lumingon sa kinaroroonan nila. Muli siyang tumitig sa mga mata ni Gil. Napansin niya ang nangingilid na mga luha sa mga mata nito.

“Mahal pa rin kita, Angel. Hanggang ngayon, mahal pa rin kita. At ayokong mawala ka ulit sa akin,” buong-pusong pag-amin nito sa kanya. Naramdaman niya ang paghapit nito sa kanyang beywang kaya lalong nagkalapit ang kanilang mga katawan.

“What about Hillary?” nag-aalalang tanong niya.

“She`s a good friend. We already broke up noong araw na nagkita tayo sa restaurant kasama mo sina Tal. That was our last bonding as boyfriends and girlfriends. Sabi niya, huwag na raw kitang pakawalan pa,” pagtatapat nito.

Tuluyan na siyang napaluha sa tuwa. Nauna pang umagos ang luha niya kaysa dito. Pinahid naman nito ang mga iyon—tulad ng dati.

“I still love you, Gilly Fish,” aniya at niyakap nang mahigpit ang binata.

**PAGKALIPAS** ng dalawang buwan, ikinasal na sina Tal at Tina. Sa susunod na taon ay sila naman ni Gil. Nagpasya na rin si Justin na bumalik ng Pilipinas.

“Paano ba iyan? Siguro naman ngayon, hindi ka na pababayaang ni Gil,” wika ni Justin sa kanya nang ihatid nila ito sa airport.

“Hinding-hindi na, pare,” sagot naman ng kanyang nobyo.

“Well, I guess I have to go.”

Bago ito tumalikod, niyakap muna niya ito. “Maraming salamat sa lahat-lahat.”

“Walang anuman,” sagot nito at marahang kumalas sa kanya. Niyakap din ito ni Gil.  
“Ingat kayo.”

“Ikaw rin. Balik ka sa kasal namin, ha?”

“Sure.” Tumalikod na ito sa kanila. Hinintay nila itong makapasok sa loob.

“Justin!”

Sabay-sabay silang napalingon sa babaeng tumawag kay Justin.

“Hillary?” kunot-noong tanong niya.

“Hillary, what are you doing here?” tanong ni Justin dito.

“I`m going with you,” sagot nito.

“What?” halos magkasabay na tanong nila ni Gil.

“Sigurado ka na ba sa desisyon mo?” tanong ulit ni Justin dito. Nagkatinginan sila ng kanyang nobyo na ex-boyfriend lang naman ni Hillary.

“I`m one hundred percent sure,” siguradong sagot ng babae.

“Teka, kelan pa naging kayo?” nalilitong tanong niya sa dalawa.

“It`s a long story. Sige, mauna na kami. Baka mahuli pa kami sa flight namin,” sagot ni Justin.

“Bye guys!” paalam naman sa kanila ng bagong kasintahan nito.

Natatawang hinatid lang nila ito ng tingin hanggang sa loob. Ilang sandali pa`y hawak-kamay na silang naglakad papunta sa kotse ni Gil.

“I guess some people are just meant to be together,” nakangiting saad nito.



*One year later*

*Dancing in the dark*

*Middle of the night*

*Taking your heart*

*Holding it tight*

*Emotional touch*

*Touching my skin*

*Askin' you to do*

*What you've been doing*

*All over again*

**NANGINGILID** sa luha ang mga mata ni Angel habang naglalakad sa aisle papunta sa kanyang mapapangasawa na si Gil na kasalukuyang inaawit ang isa sa pinakapaborito niyang kanta nito It's Your Love. Iyon ang hiniling niya na maging theme song sa kasal nila dahil malaki ang sentimental value ng kantang iyon sa kanya. Iyon ang gumising sa kanya pagkatapos ng sampung taon ng mahabang pagtulog niya. Kung hindi niya narinig ang ringtone na iyon ng nurse na nagbabantay sa kanya, marahil hindi siya magigising.

*It's your love*

*Just does something to me*

*Sends a spark right through me*

*I can't get enough*

*And if you wonder*

*'Bout the spell I'm under*

*It's your love*

Nakangiti sa kanya ang binata. Malapit na malapit na siya rito. Nagpatuloy ito sa pag-awit habang hawak-hawak na nito ang kanyang kamay. Pagkatapos ng kanta nito, humarap na sila sa altar. Naroon ang dalawang paring kinuha nila—isang English at isang German. Sinadya nila iyon upang magkaintindihan silang lahat.

“We are gathered here today...”

“Wir sind heute hier versammelt ...”

“...to witness the union of a man and a woman...”

“... die Vereinigung von einem Mann und einer Frau...”

“...before God...”

“... Vor Gott...”

Matapos ang mahigit isang oras na seremonyas...

“I now pronounce you man and wife.”

“Erkläre ich euch zu Mann und Frau.”

“You may kiss the bride.”

“Sie können die Braut jetzt küssen.”

Humarap si Gil sa kanya at hinawi ang kanyang belo. Then he kissed her passionately. It was just a soft kiss pero punong-puno ng pagmamahal. Tumayo at nagpalakpakan ang lahat pagkatapos.

“Thank you,” bulong ni Gil sa kanya.

“Para saan?” kunot-noong tanong niya.

“For coming back into my life.”

Ngumiti siya rito. “I guess some people are just meant to be together...forever.”

*It's your love  
Just does something to me  
Sends a spark right through me  
I can't get enough  
And if you wonder  
'Bout the spell I'm under  
It's your love*

**---WAKAS---**